

MANWAL SA PROGRAMANG BAHAY-WIKA

MANWAL SA PROGRAMANG BAHAY-WIKA



Komisyon sa Wikang Filipino

KWF PUBLIKASYON
Maynila
2021

MANWAL SA PROGRAMANG BAHAY-WIKA

Karapatang-sipi © 2021

RESERBADO ANG LAHAT NG KARAPATAN. Walang bahagi ng aklat na ito ang maaaring sipiin o gamitin sa alinmang paraan nang walang pahintulot mula sa may-akda at tagapaglathala.

Disenyo ng aklat at pabalat: Kimberly N. de Jesus

CIP

Inilathala ng



KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel, San Miguel, 1005 Maynila

Tel. (02) 8736-2519 • (02) 8736-2525

komisyonsawika@gmail.com • www.kwf.gov.ph

TALAAN NG NILALAMAN

I.	INTRODUKSIYON	7
	Introduksiyon sa manwal	8
	Bakit binuo ang programang Bahay-Wika?	8
	Ano ang Bahay-Wika?	9
	Maikling kasaysayan ng Language Nest Program	11
II.	PRINSIPIYO SA PAGKATUTO NG WIKA	13
	Child Language Acquisition	14
	Imersiyon sa Wika sa Programang Bahay-Wika	15
III.	MAHALAGANG KOMPONENT NG BAHAY-WIKA	17
	Komunidad	18
	Workgroup	19
	Ahensiya ng Pamahalaan	24
	Imersiyon sa Wika at Culture-Based na mga Gawain	26
	Ebalwasyon ng Programa	27
IV.	IMPLEMENTASYON NG PROGRAMA	30
	Mga Gawain bilang Paghahanda	31
	Pagsasagawa ng mga Sesyon sa Bahay-Wika	41
	Monitoring ng Programa	43
	Ebalwasyon ng Programa	44
V.	MGA HAMON AT TUGON SA PROGRAMANG BAHAY-WIKA	46
	Komitment ng mga staff sa programa	47
	Pagpapanatili ng paggamit ng iisang wika	47

Apendiks 1:	Pormularyo sa Language Profiling	49
Apendiks 2:	Kurikulum	60
Apendiks 3:	Halimbawa ng Lesson Plan	94
Apendiks 4:	Mga salitang madalas na ginagamit (sight words)	97
Apendiks 5:	Mga pangungusap na madalas na ginagamit`	101
Apendiks 6:	Mga flashcard (larawan at pangalan)	104
Mga Talâ		108

I | INTRODUKSIYON

Introduksiyon sa manwal

Binuo ang manwal na ito upang maging gabay ng mga katutubong pamayanan na interesado sa pagtatayo ng kaniláng sariling programa na Bahay-Wika. Maaari din itong gamítin ng ibá't ibáng mga ahensiya at institusyon na may layuning mag-organisa ng ganitong programa para sa mga komunidad sa bansa na nanganganib ang wika. Ang manwal na ito ay nabuo bunga ng dokumentasyon ng mga karanasan at prosesong pinagdaanan ng mga tagapagtaguyod ng programa—pangunahin ang komunidad ng Ayta Magbukún sa Bangkal na pinagsimulan ng unang programang Bahay-Wika sa bansa, pangunahing katuwang ang Komisyon sa Wikang Filipino, Pamahalaang Lalawigan ng Bataan, at Lokal na Pamahalaan ng Abucay.

Naglalaman ang manwal na ito ng mga unang pag-aaral sa Language Nest program sa ibá't ibáng bansa na naging modelo ng programang Bahay-Wika; ibá't ibáng prinsipyo sa matagumpay na pagkatuto ng wika at language acquisition; ang proseso ng pagtatayo ng Bahay-Wika, mula sa pakikipag-ugnayan sa ibá't ibáng ahensiya ng pamahalaan hanggang sa implementasyon ng programa; at mga sagot sa ilang karaniwang tanong hinggil sa programa.

Bakit binuo ang programang Bahay-Wika?

Noong 2016, lumabas sa pag-aaral ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) na mayroong 130 na umiiral na mga wika sa bansa. Mula sa bilang na ito, mahigit 20 wika ang may humigit-kumulang 1,000 tagapagsalitâ na lámang o mas mababa pa. Kung pagbabatayan ang bilang na ito ng mga tagapagsalitâ, maituturing na nása kalagayang nanganganib nang mawala ang mahigit 20 wika sa bansa. Nanganganib ang isang wika kung mayroon itong mababa sa 10,000 tagapagsalitâ.¹

Mababása naman sa ibá pang mga pag-aaral na isa sa pinakakaraniwang kalagayan ng mga nanganganib na wika ay hindi na ito natutuhan ng kabataan. Ganito ang natuklasang kalagayan ng mga wika sa isinagawa ng KWF na pagdodokumento ng mga nanganganib na wika sa bansa mula noong 2015 at sa ibá pang pag-aaral ng ibá't ibáng mananaliksik.

Bilang nag-iisang ahensiyang pangwika ng pamahalaan, kasáma sa mandato ng KWF na pangalagaan at paunlarin ang 130 wika na ito lalo na yaong mga nanganganib nang mawala. Isang paraan upang mapangalagaan at muling mapasigla ang mga wikang nanganganib nang mawala ay ang paglulunsad ng Language Immersion Program tulad ng programang Bahay-Wika.

Ano ang Bahay-Wika?

Ang programang Bahay-Wika ay isang Language Immersion Program na inspirado ng programang Language Nest sa ibáang bansa. Maituturing itong kauna-unahang Language Immersion Program sa Pilipinas na may pangunahing layunin na pasiglahing muli ang mga wikang nása kalagayang nanganganib nang mawala. Layunin din ng programang pangwika na ito na tulungang maituro at maipása sa bagong henerasyon at sa susunod pa ang katutubong wika upang mapanatili pa ang pag-iral nitó. Inilunsad ang unang Bahay-Wika sa Bangkal, Abucay, Bataan para sa pagpapasigla ng wikang Ayta Magbukún noong 2017.

Nakatuon ang programang ito sa kabataang may edad dalawang taóng gulang hanggang apat na taóng gulang. Makikíta sa ibaba ang balangkas ng programang Bahay-Wika.




Figura 1: Balangkas ng Bahay-Wika

Ang resulta ng mga isinagawang pagdodokumento/pananaliksik sa mga nanganganib na wika ang nagsisilbing input o batayan ng programa sa pagpili ng wikang pasisiglahin. Isinasagawa sa Bahay-Wika ang ganap na imersiyon sa katutubong wika sa pamamagitan ng inter-aksiyon ng mga batà sa tagapagsalita ng katutubong wika, na kadalasan ay mga elder. Sa ganitong kapaligiran, likás na matutuhan ng mga batà ang wika. Binibigyang-diin ang paglinang sa pakikinig (receptive) at pagpapahayag (expressive) ng mga batà gámit ang katutubong wika. Kasabay ng pagpapahalaga sa wika sa programang ito ang paglinang sa kultural at personal na pagkakakilanlan ng mga batà. Bagaman pangunahing layunin nitó ang pagpapaunlad ng pakikinig at pagpapahayag ng mga batà gámit ang katutubong wika, nakapaloob din sa programang ito ang paglinang ng pisikal, sosyo-emosyonal at pangkaisipan na aspekto ng mga batà.

Ang terminong pagpapahayag (expressive) na ginamit ay tumutukoy sa kakayahan ng batà na ipahayag o ilahad ang kaniyang mga naiisip o nararamdaman sa ibáng tao. Hábang lumalaki ang batà, inaasahan ang kakayahan niya sa tamang pagbigkas at paggamit ng mga salitâ sa kaniyang sariling wika ay higit na uunlad. Isinasaalang-alang din na bahagi ng kakayahang ito ang pagsenyas, galaw at kilos ng katawan upang maipahayag ang nais sabihin o damdamin.

Ang terminong pakikinig (receptive) naman ay tumutukoy sa kakayahan ng batà na umunawa ng mga sinasabi sa kaniya. Sa pagtugon pa lámang ng batà sa mga simpleng tanong o sa ibinibigay sa kaniya na direksiyon o hakbang ay malaláman na ang kaniyang kakayahang umunawa kapag nakatugon siyá nang tama.

Maikling kasaysayan ng Language Nest Program

Ang programang language nest ay isang early language learning program na nakatuon sa kabataang nása edad mula pagkasílang hanggang limang taon sa pamamagitan ng ganap na imersiyon sa kaniláng katutubong wika. Mula noong dekada 80, sinimulan ang pagdevelop at implementasyon ng mga language nest program sa mga katutubong pamayanan sa ibá't ibáng panig ng mundo. Sa kasaysayan, ang ibá't ibáng mga karanasan ng mga katutubong pamayanan sa paglipas ng mga panahon ay nagdulot ng malaking epekto sa kaniláng kultura at wika na nagdulot din ng unti-unting paghina ng mga ito. Sa paglipas ng panahon, hindi na natututuhan ng kabataan sa karamihan ng mga katutubong pamayanan ang kaniláng katutubong wika. Kayâ naman, nakatulong nang malaki ang programang language nest upang ma-expose silá sa kaniláng katutubong wika at matutuhan man lámang ito kahit bílang pangalawang wika.

Ang pagtatatag ng mga programang Language Nest sa ibá't ibáng panig ng mundo ay halos sabay-sabay na naganap. Taóng 1973 nang magsimulang magtayo ang kababaihan ng Samoan at Cook ng language nest *Aoga Amata* o “punanga reo” (playgroup) sa Tokoroa, New Zealand.² Ngunit mas nakilala ang tagumpay ng Maori Te Kohanga Reo (Maori Language Nest) sa New Zealand na nadevelop naman noong 1981. Noong 1982 naman binuksan ang kauna-unahang language nest sa Hawai'i na

tinawag namang Punana Leo.³ Halos kasabay din ng mga nabanggit ang pagtataguyod ng language nest sa Canada, British Columbia, at ibá pa.

Isa sa mga matagumpay na programang language nest ay ang *Te kōhanga reo* (Maori Language Nests) sa New Zealand. Nagsimula ang pagsisikap ng mga Maori sa pagpapasigla ng kaniláng wika noong 1972 sa pamamagitan ng pagpapadala ng petisyon sa pamahalaan na nilagdaan ng 30,000 tao.⁴ Binubuo ito ng mga nakatatandang miyembro at mga magulang mula sa ibá't ibáng grupo ng Maori. Totoong nása inisyatiba ng bawat komunidad ang posibilidad ng pagkakaroon ng programang makatutulong sa pagpapasigla ng kaniláng katutubong wika. Ang *Te kōhanga reo* ay tila isang childcare center na may pagkakahawig sa Day Care ngunit may espesyal na sangkap ng estilong Maori.⁵ Ito ay para sa layuning makalikha ng mga bilingguwal at “bicultural” na indibidwal na nagtataglay ng kakayahan at tiwala sa sarili. Sa loob ng unang 10 taon ng programa ay nakaranas ang Maori ng ibá't ibáng hámon sa pagtataguyod nitó. Naging tugon nilá dito ang ibá't ibáng mga seminar at pagsasanay, gayundin ang mga pulong para sa pagpapalano para sa epektibong pamamalakad ng kaniláng programa.

Sa mga unang taon ng dekada 80, naitayo naman ang katutubong language nest sa Kahnawa:ke sa Quebec, Canada bílang kauna-unahang programa na wikang Mohawk lámang ang gagamitin sa isang English-speaking nursery school children.⁶ Sa pagsisimula ng programa, iilang magulang lámang ang nagpakíta ng intensiyon na ipasok ang kaniláng mga anak sa programa. Gayunman, sa loob ng 10 taon na pagpapaunlad ng programa ay dumami rin ang mga magulang na sumuporta dito, kayâ naman pagdating ng taóng 1992 ay halos kalahati na ng kabuoang bílang ng batà sa komunidad ang kalahok sa programa. Isa sa mga salik na nakaapekto nang malaki sa atendans ng mga batà ay ang pag-aalala ng mga magulang sa magiging kakayahan naman ng kaniláng mga anak sa wikang Ingles. Ngunit, naresolba ito mula nang lumabas sa isang pananaliksik na hindi makakaapekto ang pag-aaral ng wikang Mohawk sa paghina ng kakayahan ng mga batà sa wikang Ingles.

II | PRINSIPYO SA PAGKATUTO NG WIKA

Mahalagang maisaalang-alang sa pagtataguyod ng programang Bahay-Wika ang sumusunod na mga literatura at pag-aaral hinggil sa pagkatuto ng batà ng wika. Taglay ng mga ito ang mga konseptong makatutulong sa pagbuo ng mga gawain ng mga batà sa Bahay-Wika at maging sa pag-unawa at pagbibigay interpretasyon sa bawat pangyayari sa programa.

Child Language Acquisition

Ang batà na nása bilingguwal o multilingguwal na kapaligiran ay hindi makapagtatamo ng kaalaman at kasanayan sa isang target na wika maliban kung magkaroon siyá ng eksposyur sa target na wika kahit man lang 20% ng kabuoang language input.⁷ Nakaugnay ang idea na ito sa mga programa para sa language revitalization. Sa mga pag-aaral, binigyang diin ang kahalagan ng sapat na language input sa mga language revitalization program sa pamamagitan ng intergenerational na transmisyon upang maging matatás o mahusay ang isang batà sa target na wika.

Malaki ang impluwensiya ng dalás at dami ng pakikipag-usap ng mga magulang sa pag-iisip o pagiging intelektuwal ng kaniláng anak kaysa sa katayang sosyoekonomiko ng pamilya. Napatunayan nilá na ang dami ng “extra talk” sa batà bukod pa sa “business talk” (hal. “maghugas ka ng kamay,” “huwag mong hawakan ’yan,”).⁸

Narito naman ang anim na prinsipyo sa early childhood language acquisition gaya ng sumusunod:⁹

- a. Natututuhan ng mga batà ang mga salitang mas madalas niláng naririnig
- b. Natutuhan ng mga batà ang mga termino o katawagan sa mga bagay na gusto nilá o interes nilá.
- c. Nalilinang ang bokabularyo ng mga batà sa paraan at sitwasyong inter-aktibo at palagiang may pagtugon.
- d. Natutuhan ng mga batà ang mga salitâ na ginagamit sa mga makahulugang konteksto
- e. Nangangailangan ang mga batà ng malinaw o tiyak na impormasyon hinggil sa mga salitâ
- f. Isang resiprokal na proseso ang paglinang sa bokabularyo at kaalaman sa gramatika

Malinaw ang nais ipakahulugan ng anim na prinsipyo. Gayunman, nais lámang bigyang-diin ang isinasaad sa unang prinsipyo na ang pagkakaroon ng madalas na eksposyur ng batà sa mga salitâng nais na ipaalam sa kaniya. Mas natutuhan ng mga batà ang mga salitâng mas madalas niyang naririnig. Kaugnay nitó, ipinanunukala rin ng resulta ng ibá pang pag-aaral na epektibo rin ang pagkatuto ng batà sa wika kung magkakaroon siyá ng eksposyur sa target na wika sa mas murang edad.¹⁰

Nakatuon din ang language development hindi lámang sa kakayahan ng batà na makapagsalitâ o makasambit ng mga termino kundi sa kaniláng kakayahan na maunawaang mabuti ang kaniláng naririnig bago silá magsalitâ. Bukod sa pag-unawa sa nadinig na pahayag, mahalaga ding batayan ng kakayahan ang makatugon nang wasto ang batà gámit ang angkop na mga salitâ.¹¹

Mahalaga ang mga prinsipyong ito hinggil sa ugnayan ng language input sa kakayahan ng batà sa target na wika bílang gabay sa pagtupad sa layunin ng programang Bahay-Wika na magkaroon ng mga bagong tagapagsalitâ. Marapat lámang na maisaalang-alang ito para sa pagtatakda ng mga layunin ng programa. Katulad na lámang ng kung ang layunin ng programa ay hindi lámang limitado sa pagkakaroon ng “passive speakers” na nakauunawa lámang ng wika ngunit hindi nakapagsasalitâ nitó, kundi ay magkaroon ng mga aktibong tagapagsalitâ na nakauunawa, nakapagsasalitâ, at nagagamit ang kaniláng katutubong wika sa lahat ng esensiyal na aspekto ng kaniláng pamumuhay. Gayundin, mahalaga ang mga ito sa pagbuo ng mga hakbang sa pagtupad ng layunin ng programa gaya ng paghahanda ng mga gawain ng mga batà Bahay-Wika; pagbibigay ng oryentasyon sa mga magulang; pagbibigay ng pagsasanay sa mga staff ng programa, at ibá pa.

Imersiyon sa Wika sa Programang Bahay-Wika

Imersiyon sa wika ang pangunahing pamamaraan ng Bahay-Wika. Isinasagawa sa pamamaraan na ito ang paggamit ng katutubong wika sa lahat ng gawain sa loob ng Bahay-Wika. Halimbawa sa lahat ng instruksiyon o paraan ng pagtuturò, sa bawat gawain ng mga batà, at sa pag-uusap ng mga guro, elder, at magulang sa loob ng Bahay-Wika, tanging katutubong wika lámang ang ginagamit. Walang ibáng wikang maaaring gamítin.

Hango ang idea ng imersiyon sa wika sa French Immersion movement na nagsimula sa Canada noong dekada 60. Naniniwala ang kilusang ito na mabilis na natutuhan ng batà ang target na wika kung namamalagi siyá nang matagal sa isang lugar na palagiang ginagamit ang target na wika para sa komunikasyon sa ibá't ibáng kontekstong may mayamang kaugnayan sa kultura at pamumuhay ng komunidad.¹²

Epektibo ang paraang imersiyon sa wika dahil sa dalawang mahalagang bagay na naidudulot nitó: Una, lumilikha ito ng espasyo kung saan ginagamit nang intensiyonal ang target na wika. Pangalawa, likás o natural na nakapagtatamo ang batà ng kakayahan sa target na wika. Sa bahaging ito, ipinag-iibá ng paraang imersiyon sa wika ang likás na pagtatamo ng kakayahan sa wika (language acquisition) at ang pagkatuto sa wika (language learning). Tunguhin ng programang Bahay-Wika ang unang nabanggit sa pamamagitan ng paraang imersiyon sa wika. Likás na natatamo ng batà ang kakayahan sa kaniyang unang wika, hindi ito itinuturo maliban lámang kung magsimulang isulat at basahin ito ng batà.

**III | MAHALAGANG
KOMPONENT
NG BAHAY-WIKA**

Naglalaman ang bahaging ito ng pagtalakay sa mga mahahalagang komponent o bahagi ng programang Bahay-Wika. Tinawag na mahalagang komponent sapagkat hindi magiging buo at malusog ang isang Bahay-Wika kung ang isa sa mga komponent na ito ay wala. Ang mga komponent na tatalakayin dito ay ang komunidad o pangkat na may-ari ng wikang pasisiglahin; ang workgroup na siyáng pangunahing gaganap ng mga gawain sa programa; mga pangunahing ahensiya ng pamahalaan na susuporta sa programa; ang konsepto ng imersiyon sa wika at culture-based na mga gawain na siyáng puso ng programa; at ang ebalwasyon na makatutulong sa pagpapaunlad pa ng programa.

Komunidad

Mataas ang mga kahingiang dapat isaalang-alang sa pagtatayo ng programang Bahay-Wika. Pangunahin dito ang antas ng motibasyon at pagnanais ng komunidad na pasiglahin ang kaniláng wika. Kinakailangan din ang determinasyon at dedikasyon ng mga tao sa komunidad upang maisakatuparan ang programa.

Para naman sa tuloy-tuloy na pagkatuto ng batà ng wika, malaki ang maitutulong ng pakikipagkaisa ng bawat miyembro ng komunidad sa programa. Bagaman kailangang ma-expose sa mahabang oras sa Bahay-Wika ang mga batà para sa imersiyon sa katutubong wika, mahalaga rin na magkaroon silá inter-aksiyon sa komunidad na gumagamit ng katutubong wika.

Sabi nga sa kasabihan, “kinakailangan ang komunidad sa pagpapalaki ng batà.”¹³ Sa programang Bahay-Wika, aplikable ang kasabihang ito. Lalo pa’t kailangang ma-expose ng mga batà sa katutubong wika, mahalagang naririnig din nilá sa komunidad na ginagamit ang wika. Gayunman, maaaring sa simula ay hindi ito madalíng gawin. Maaaring hindi lahat ng miyembro ng komunidad ay hindi sumuporta o magpakíta ng kawalan ng pakialam sa programa.

Ano-ano ang maaaring gawin?

Sa simula pa lang, mahalagang maipaliwanag sa buong komunidad kung ano ang Bahay-Wika at ano ang layunin nitó. Mainam na mapag-usapan ito sa komunidad, kayâ mahalagang silá mismo ang magtatakda

ng mga layunin at tunguhin ng programa.¹ Mahalagang maibahagi sa kanilá ang pakinabang ng programa sa kabataan at sa buong komunidad.

Bukod dito, makatutulong din na sa mga simpleng selebrasyon o kasiyahan na isinasagawa kaugnay ng programa ay isali ang mga magulang, elder, at ibá pang miyembro ng komunidad kahit na hindi silá direktang kasáma sa Bahay-Wika. Sa pamamagitan ng mga ganitong gawain na isinasama ang mga miyembro ng komunidad, maiparamdam sa kanilá na kaisa silá sa programa.

Mainam din kung mabibigyan ng update ang mga magulang sa pag-unlad ng pagkatuto ng mga batà sa katutubong wika, at maibahagi ang mga impormasyon na ito sa ibáng miyembro ng komunidad. Makatutulong ito upang mahikayat ang lahat upang ganap na makipagkaisa sa programa.

Higit sa lahat, iparamdam at ipaunawa sa komunidad ang pangangailangan na magamit ng bawat isa ang katutubong wika. Maaaring simulan sa paggamit ng katutubong wika sa mga ipapaskil na anunsiyo/pabatid at ibá pang karatula sa loob ng komunidad. Gamítin din ang katutubong wika sa mga pagtitipon-tipon sa komunidad. Paigtingin ang pagsasagawa ng ibá't ibáng pangkulturang gawain sa loob ng komunidad. Sa pamamagitan nitó maiparamdam sa buong komunidad ang mga pagsisikap sa unti-unting pagpapasigla ng wika at kultura ng komunidad.

Workgroup

Isa sa mahalagang komponent ng Bahay-Wika ay ang workgroup na binubuo ng mga miyembro na may dedikasyon sa programa. Makakamit ang tagumpay ng programa kung ang bawat miyembro ng workgroup ay may determinasyon na tupdin ang kaniláng mga gampanin sa programa. Dahil dito, mahalaga na maging malinaw sa bawat miyembro ng workgroup ang tunguhin ng programa. Kailangan ding mapatatag ang samahán ng bawat isa at madevelop ang konsepto ng pagsuporta sa bawat isa. Upang mangyari ito, makatutulong na sa pagsisimula pa lámang ng programa ay mabigyan na silá ng mga oryentasyon at pagsasanay.² Mainam din kung

¹ tingnan ang bahaging *Pagpapalano ng Komunidad* sa IV. IMPLEMENTASYON NG PROGRAMA

² tingnan ang bahaging *Pagsasagawa ng Oryentasyon at Pagsasanay* sa IV. IMPLEMENTASYON NG PROGRAMA

gagawin itong regular upang mamonitor ang mga karanasan at mga pag-unlad sa kakayahan ng bawat miyembro ng workgroup. At kung sakaling may mga hámon at suliranin na nararanasan, agad itong matutugunan sa pamamagitan ng regular na pag-uusap-usap ng workgroup. Kailangan din na nauunawaan ng bawat isa ang responsabilidad ng lahat ng miyembro ng workgroup at malinaw ang mga pangangailangan at inaasahan sa bawat isa. Dito pumapasok ang kahalagahan ng bukás na komunikasyon sa bawat miyembro ng workgroup upang maiwasan ang anumang hindi pagkakaintindihan.



Nagkukuwento ang Apù sa batàng Magbukún

MGA ELDER. Sa maraming komunidad sa bansa, mataas ang pagkilala sa mga nakatatandang miyembro dahil sa taglay niláng kaalaman sa kultura at kahusayan sa pagsasalitâ ng kani-kaniláng katutubong wika. Sa programang Bahay-Wika naman, mahalaga ang gampanin ng mga elder o nakatatandang miyembro ng komunidad.

Sa Bahay-Wika, ang karamihan sa language input na dapat makuha ng batà ay manggagáling sa mga elder. Silá ang inaasahang pangunahing makikipag-usap sa mga batà sa loob ng Bahay-Wika. Silá ang pangunahing kumukompleto sa intergenerational na transmisyon ng katutubong wika sa loob ng Bahay-Wika. Silá rin ang pangunahing sinasangguni sa mga kultural na elemento ng lahat ng kuwento, laro,

at ibá pang mga gawain sa Bahay-Wika. Kayâ naman, kasáma rin silá sa mga pagpaplano sa komunidad, pagbuo ng mga materyales, sa mga pagsasanay, at sa mismong panahon ng mga sesyon sa Bahay-Wika.

Sapagkat may mahalagang gampanin ang mga elder sa Bahay-Wika, kailangan siláng ingatan. Tumutukoy ito sa sosyal, pisikal, at ekonomikal na aspekto. Ang una ay nangangahulugang kailangang maingatan at mapanatili ng bawat isa ang mataas na respeto at magandang relasyon sa mga elder. Ang pangalawa naman ay nangangahulugan na sa loob ng Bahay-Wika, hindi elder ang pangunahing nag-aalaga sa mga batà. Tandaan na 2–4 taóng gulang ang edad ng mga batà sa Bahay-Wika at hindi biro ang mag-alaga ng mga batàng nása ganitong edad. Nangangailangan ito ng tiyaga, mahabang pasensiya, at lakas ng pisikal na pangangatawan upang masabayan ang pagiging aktibo ng mga batà. Mainam na isaalang-alang sa simula pa lang na hindi ito kakayanin ng mga elder kung silá pa ang pangunahing mag-aalaga. Samantala, ang pangatlo naman ay nangangahulugan ng sapat na kompensasyon sa kanilá. Marapat na isaalang-alang na bago pa ang pagkakaroon ng Bahay-Wika sa isang komunidad, lahat ng miyembro nitó, maging ang mga elder ay may dati nang pinagkakaabalahan o kabuhayan. Kung maglilingkod silá sa programa, tiyak na maglalaan silá ng mahabang oras, panahon, at lakas para sa programa. Maaaring iwanan pa nilá ang dati niláng kabuhayan para dito. Kayâ marapat lámang na ang tumbasan ng sapat na kompensasyon ang kaniláng paglilingkod. Sakaling, ipilit ng elder na boluntaryo ang kaniyang paglilingkod at hindi kailangan ng kompensasyon, kailangan irespeto ang kaniyang desisyon. Maaaring sa panahon pa lámang ng pagpaplano ng komunidad ay mapagkasunduan na rin ang ganitong mga bagay.

Sa panahon din ng pagpaplano ng komunidad karaniwang pinagkakasunduan kung sino-sinong mga elder sa komunidad ang maaaring makasáma sa Bahay-Wika. Karaniwang nangangailangan ang isang Bahay-Wika ng 5–10 elder³ na taglay ang sumusunod na katangian:

- a) matatas na tagapagsalitâ ng katutubong wika
- b) may mayamang kaalaman sa kultura ng pangkat
- c) may mataas na interes sa pagtuturò sa batà

³ Maaaring magbago ang bílang, depende sa dami ng kasaling batà sa Bahay-Wika at sa mapagkakasunduan ng komunidad.

ang kailangang magsagawa ng assessment sa pag-unlad ng mga batà. At silá din ang maghahanda ng ulat sa estado ng sesyon sa Bahay-Wika.

MGA MAGULANG. Higit sa mga elder at guro, ang mga magulang ang may mahalagang gampanin sa pagkatuto ng mga batà. Nakasalalay ang pangmatagalang tagumpay ng programa sa suporta ng mga magulang. Maipapakíta ito hindi lámang sa pagpapasali sa kaniláng mga anak sa Bahay-Wika, kundi kung maipagpapatuloy din nilá hanggang sa kaniláng tahanan ang paggamit ng wika. Mas mahaba pa rin ang oras ng pamamalagi ng mga batà sa kaniláng tahanan kasáma ang kaniláng mga magulang. Kayâ naman, mahalagang masuportahan ng mga magulang ang paggamit ng wika sa loob ng tahanan.

Maaaring maging hámon kung ang mga magulang ay hindi marunong ng katutubong wika. Sa ganitong kaso, maaari din siláng maturuan ng wika sa pamamagitan ng hiwalay na sesyon.⁴ Makatutulong din sa magulang ang pagsáma sa kaniyang anak sa buong panahon ng sesyon ng Bahay-Wika upang ma-expose din siyá sa aktuwal na paggamit ng wika. Sa pamamalagi ng mga magulang sa Bahay-Wika, maaari ding magkaroon ng ibáng aktibidad para sa mga magulang kasabay ng mga sesyon. Mainam ang mga gawaing may kaugnayan sa kultura at kabuhayan para sa mga magulang.

MGA KATUWANG SA BAHAY-WIKA. Para sa ibáng mga gawain sa Bahay-Wika na hindi sakop ng gampanin ng mga elder at guro, ang mga katuwang ang makatutulong. Ang tinutukoy na ibá pang mga gawain ay ang pagluluto o paghahanda ng pagkain para sa mga batà at mga staff na nása Bahay-Wika (kung may feeding program); pagmamantene ng kalinisan sa Bahay-Wika; at pagsisinop ng mga kagamitan sa Bahay-Wika. Maaari din siláng maging katuwang sa mga administratibong gawain gaya ng paggawa ng mga ulat, katitikan ng mga pulong, mga kasunduan o resolusyon, likidasyon ng mga nagastos sa Bahay-Wika, at ibá pa.

Mainam kung ang magiging katuwang ay miyembro mismo ng komunidad na may kaalaman na sa mga nabanggit na gawain. Ngunit

⁴ Sa pamamagitan ng ibá pang anyo ng Language Immersion Program na Master-Apprentice Language Learning Program

sakaling wala pang kaalaman o karanasan sa mga nabanggit na gawain, maaari siláng bigyan ng oryentasyon at kailangang masubaybayan sa pagsisimula ng programa.

Ahensiya ng Pamahalaan

Sa pagtatayo ng programang Bahay-Wika, karaniwang kakailanganin ng komunidad ang tulong at suporta ng ibát ibáng ahensiya ng pamahalaan sa pag-abot ng mga pangkalahatang layunin sa pagpapasigla ng katutubong wika. Mahalagang maisaalang-alang ang pakikipag-ugnayan sa sumusunod na mga ahensiya sa pagtataguyod ng programa:

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO (KWF). Bílang nag-iisang ahensiya ng pamahalaan na may mandato na mangalaga sa wikang Filipino at ibá pang mga wika ng bansa, makatutulong ang KWF sa teknikal na aspekto ng programa. Partikular dito ang pagbibigay ng oryentasyon at pagsasanay sa magiging mga staff, capacity building sa komunidad, monitoring, at ebalwasyon ng programa.

PAMBANSANG KOMISYON SA MGA KATUTUBONG MAMAMAYAN (NCIP). Magsisilbi ang NCIP bílang tagapamagitan ng komunidad at mga ahensiyang makakatuwang. Ito ang magtitiyak na sa bawat prosesong isasagawa sa pagtatayo ng programa ay walang malalabag na karapatan ng mga katutubong mamamayan.

KAGAWARAN NG EDUKASYON (DEPED). Mahalagang makasáma ang Kagawaran ng Edukasyon sa pagtatayo ng programa, partikular ang Lokal na Dibisyon nitó na nakasasakop sa komunidad. Kinakailangang maláman at maunawaan ng DepEd ang pagsisikap at pagnanais ng komunidad na muling mapasigla ang kaniláng katutubong wika upang maisaalang-alang ito sa pagkatuto ng mga katutubong mag-aaral. Sapagkat nakatuon ang Bahay-Wika sa mga batà na nása edad 2–4 taóng gulang, kailangang maipagpatuloy ng mga batà ang eksposyur at pagkatuto sa katutubong wika hanggang sa paaralan. Dito pumapasok ang malaking gampanin ng Indigenous Peoples Education o IPEd na makapagbigay sa mga katutubong mag-aaral ng edukasyong culture-based at kumikilala sa kaniláng identidad. Mawawalang saysay ang pagsisikap sa programang Bahay-Wika kung hindi maipagpapatuloy ang pagkatuto nitó sa paaralan.

Ayon sa mga eksperto, malaki ang posibilidad na mawala ang lahat ng natutuhan ng mga batà na gáling sa language immersion program kung ililipat silá sa mainstream na paaralan.¹⁴



Pulong ng mga katuwang na ahensiya ng pamahalaan at komunidad

LOKAL NA YUNIT NG PAMAHALAAN (LGU). Pamahalaang panlalawigan at pambayan man ay parehong may malaking gampanin sa pagtatayo ng programa. Sapagkat silá ang yunit ng pamahalaan na pinakamalapit sa komunidad, silá ang makapagbibigay ng agarang tugon at aksiyon sa mga pangangailangan ng komunidad. Pinakamahalagang suportang maaasahan sa lokal na pamahalaan ay ang pinansiyal na aspekto ng programa, pagbuo ng mga polisiya sa pangangalaga ng mga katutubong wika sa kaniláng bayan at lalawigan, at mobilisasyon para sa implementasyon ng mga hakbang sa pagtatayo ng programa.

Bukod sa mga nabanggit na ahensiya, maaari ding makatuwang ang Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining (NCCA), mga lokal na pamantasan, at ibá pa na may interes na makatulong sa programa. Kinakailangan ang matalik na ugnayan ng mga ahensiyang nabanggit sapagkat bawat ahensiya ay may malaking gampanin sa programa. Isang ahensiya lámang ang hindi makatugon sa gampanin nitó ay tiyak na magkakaroon ng malaking epekto sa programa. Makatutulong ang

pagsasagawa ng regular na pulong o forum upang mapag-uusapan ang mga plano at hakbang, mga suliranin at tugon sa mga ito, mga ulat sa progreso ng programa, at ibá pang mga idea sa pagpapaunlad ng programa lalo na ang hinggil sa sustainability nitó. Maaari itong isagawa 3–4 beses sa isang taon.

Imersiyon sa Wika at Culture-Based na mga Gawain

Nabanggit na sa unahán ang konsepto ng imersiyon sa wika. Napakahalaga ng imersiyon sa wika sa programang Bahay-Wika dahil sa paraang ito mas likás na natatamo ng mga batà ang kakayahan sa wika. Maisasagawa ang ganap na imersiyon sa wika kung iiwasan ang paggamit ng ibá pang wika, maliban sa katutubong wika lámang.

Sa pagsisimula ng programa ay marahil mahirap itong gawin, lalo na kung ang unang wika ng mga batà sa komunidad ay hindi ang katutubong wika ng pangkat. Asahan na sa simula ng mga sesyon sa Bahay-Wika ay maaaring hindi sumasagot o tumutugon ang mga batà kapag kinakausap. Natural ito sapagkat maaaring hindi nilá nauunawaan ang naririnig niláng wika. Gayunman, ituloy lámang ang pagkausap sa batà gámit ang katutubong wika. Kung magsasalitâ silá sa kaniláng unang wika, tiyakin na sasagutin silá sa katutubong wika pa rin.

Isang paraan upang madalíng maunawaan ng mga batà ang mga salitâ ay ang pagkausap sa kanilá nang may pagkilos. Tinatawag itong Total Physical Response (TPR), isang metodo sa pagtuturò ng wika o mga bokabularyo na ginagamitan ng pisikal na pagkilos. Paulit-ulit itong dapat na ginagawa upang mas matandaan ng mga batà. Halimbawa, kung sasabihan ang mga batà na “itaas ang inyong kamay,” sabihin ito hábang itinataas din ng guro ang kaniyang kamay. Kung pauupuin o patatayuín ang mga batà, sabihin ito sa kanilá hábang ipinapakíta rin ang kilos nitó.

Hindi naman maihihiwalay ang wika sa kultura. Nangangahulugan ito na ang pagkatuto ng wika sa Bahay-Wika ay pagkatuto rin ng kultura. Dapat tandaan na ito ang dapat na maging puso ng Bahay-Wika. Mapagsasáma ang wika at kultura sa pamamagitan ng mga gawain sa Bahay-Wika. Bawat gawain sa mga sesyon sa Bahay-Wika ay dapat na nakaangkla sa kultura. Halimbawa, maaaring magsimula ang sesyon sa katutubong paraan ng pananalangin ng komunidad. Sa

panahon naman ng mga sama-samang gawain, maaaring kumanta ng mga katutubong awitin, sumayaw ng mga katutubong sayaw, o maglaro ng mga katutubong laro. Mainam din na gumamit ng mga awtentikong kagamitan mula sa komunidad para sa mga gawain sa Bahay-Wika. Maaari ding magkuwento ang mga elder ng mga katutubong gawain at mga paniniwala ng komunidad, gaya ng mga gawain sa pagtanim, pangangaso, pangingsda, at iba pa. Bukod sa mga gawain na ito sa loob ng Bahay-Wika, maaari ding magkaroon ng aktuwal na karanasan sa mga nabanggit ang mga batà sa pamamagitan ng lakbay-aral sa komunidad. Maaari ding makasama o makiisa sa mga lakbay-aral na ito ang iba pang miyembro ng komunidad.



Paggamit ng awtentikong kagamitan sa mga gawain sa Bahay-Wika

Ebalwasyon ng Programa

Mahalaga rin na bahagi ng programa ang ebalwasyon. Sa pamamagitan nitó ay malaláman kung ano ang mga magandang bagay at hindi sa programa. Matutukoy kung ano ang mga hakbang na epektibo at kailangan pang paunlarin o baguhin. At dito rin masusukat kung nagtatagumpay ang programa o hindi. Maaaring matukoy ang tagumpay mula sa mga itinakdang layunin ng komunidad. Maaaring tingnan ang mungkahi sa ibaba hinggil sa mga bagay sa programa na dapat magawan ng ebalwasyon.



Pagtatáya sa kaalaman ng batà sa katutubong wika

PAGKATUTO NG MGA BATÀ. Maaaring magsagawa ng assessment sa pagkatuto ng mga batà sa katutubong wika sa domeyn ng pakikinig (receptive) at pagpapahayag (pag-unawa). Maaari itong isagawa tuwing ikatlong buwan o quarterly. Makakatulong din ang dokumentadong obserbasyon ng mga guro sa mga batà sa pang-araw-araw na sesyon sa Bahay-Wika. Gayundin, maaari ding tanungin ang magulang ng batà hinggil sa mga kakayahan din ng batà lalo na kapag nása tahanan. Bukod sa kakayahan sa wika, maaari ding tukuyin ang ibá pang kakayahan ng batà sa ibá pang domeyn gaya sa gross motor, fine motor, self-help, cognitive, at social-emotional.

KURIKULUM, LESSON PLAN, AT IBÁ PANG MATERYALES. Kailangan ding masukat ang kawastuan at kaangkupan ng mga materyales na ginagamit sa Bahay-Wika. Bagaman sa simula pa lang ay kailangan na itong masuri o mabalida bago ipagamit, may makikíta pa ring puntos para sa pagpapaunlad ng mga ito hábang nása aktuwal na paggamit na.

EBALWASYON SA WORKGROUP. Maaaring hiwa-hiwalay ang maging ebalwasyon sa pagganap ng bawat miyembro ng workgroup. Siyempre, sapagkat magkakaiba ang gampanin ng bawat isa, maaari siláng gawan ng ebalwasyon batay sa kung ano ang inaasahan sa kanilá at kung ano ang kaniláng aktuwal na nagagawa para sa programa. Anuman ang maging resulta, iyon naman ang magiging batayan ng pagpapaunlad na ibibigay

sa kanilá bílang indibidwal. Maaari din namang may iisang ebalwasyon sa kanilá bílang isang grupo. Puwedeng tingnan dito kung gaano silá gumaganap bílang isang grupo na nangunguna sa programa, paano silá nagkakaisa o nagtutulungan, may mga suliranin ba sa ugnayan o relasyon ng bawat isa. Gayundin, ang magiging resulta ng ebalwasyon ang batayan din ng ibibigay na pagpapaunlad sa kanilá bílang isang grupo naman.

MGA IBINIBIGAY NA PAGSASANAY SA WORKGROUP. Kailangan ding makíta kung ang mga ibinibigay na pagsasanay sa workgroup ay angkop sa kaniláng pangangailangan. Nakatutulong ba ang mga pagsasanay na matugunan ng workgroup ang mga suliranin at hámon na nararanasan nilá sa pagpapatakbo ng programa.

MULING PAGRIBYU SA MGA LAYUNIN. Maaaring muling tingnan sa paglipas ng dalawa o tatlong taon kung natutupad ba ang mga layunin. Kung hindi, maaari ding pag-isipan kung alin ang kailangan baguhin—ang mga hakbang o ang mismong layunin.

IV | IMPLEMENTASYON NG PROGRAMA

Binubuo ng apat na bahagi ang implementasyon ng programa Bahay-Wika. Ang unang bahagi ang paghahanda kayâ narito ang serye ng mga pulong at konsultasyon lalo na sa komunidad. Isinasagawa rin ang koordinasyon sa ibáng mga ahensiya na magiging katuwang sa programa. Kabilang din dito ang pagbuo ng mga kailangang materyales sa programa at mga oryentasyon at pagsasanay na mahalaga bago ang pagsisimula ng mga sesyon sa Bahay-Wika. Ang ibáng bahagi naman ay ang mismong pagsisimula ng mga sesyon sa Bahay-Wika, monitoring sa programa, at ang ebalwasyon sa programa. Tandaan lámang na isaalang-alang palagi ang pagiging culture-sensitive sa lahat ng bahagi ng implementasyon ng programa para sa kapakanan ng komunidad at bawat kasangkot sa programa.

Mga Gawain Bilang Paghahanda



Pulong ng komunidad, KWF, at NCIP hinggil sa implementasyon ng komunidad sa programa

PROSESO NG FREE PRIOR INFORMED CONSENT (FPIC) AT PAUNANG PAGPAPLANO NG KOMUNIDAD. Unang mahalagang proseso sa pagtatayo ng Bahay-Wika ay ang pagkakasundo ng buong komunidad na pasiglahin ang kaniláng wika sa pamamagitan ng pagtatayo ng Bahay-Wika. Kapag napagkasunduan ng buong komunidad ang pagtatayo ng programa, dumadaan muli ito sa isang pagpupulong. Sa pulong na ito,

karaniwang kasáma na ang KWF na inisyal na nagdisenyo ng programa, upang maipaliwanag ang konsepto ng programa sa komunidad, at ang Pambansang Komisyon sa mga Katutubong Mamamayan (NCIP) bílang tagapamagitan sa komunidad at KWF.

Asahan ang serye ng mga pulong ng komunidad, KWF, at NCIP sapagkat sa mga pulong na ito ay isinasaalang-alang din ang mga katutubong konsepto, at mungkahi ng komunidad sa magiging implementasyon ng programa. Sa mga serye ng pulong na ito, maaari nang magsagawa ng paunang pagpapalano ang komunidad upang mapag-usapan at mapaghandaan ang mga susunod na hakbang gaya ng pakikipag-ugnayan sa mga ahensiya at institusyon na maaaring makatuwang sa programa. Tandaan na bagaman may maituturing na batayang konsepto ang Bahay-Wika mula sa unang idinisenyo ng KWF, pleksible ito at maaaring magkaroon ng ibáng anyo ang implementasyon batay sa kahingian at pangangailangan ng komunidad. Lahat ng mga napagkasunduan sa pulong ng komunidad, KWF, at NCIP ay pagtitibayin sa pamamagitan ng isang Memorandum ng Kasunduan.

KOORDINASYON SA MGA KATUWANG NA AHENSIYA. Kapag pinal na sa komunidad ang desisyon o pagnanais niláng magtayo ng kaniláng Bahay-Wika, sakâ isasagawa ang koordinasyon sa mga ahensiyang potensiyal na makatuwang sa programa. Isasagawa rin ang presentasyon ng programa sa mga katuwang na ahensiya. Kung sumang-ayon ang ahensiya na suportahan ang programa, magsasagawa naman ng serye ng mga pulong at konsultasyon para mapag-usapan ang gampanin ng bawat isa sa programa at pagtitibayin ang mga pag-uusap sa pamamagitan ng isang Memorandum ng Kasunduan. Sakaling hindi makuha ang suporta ng mga ahensiya, muling mag-usap ang komunidad kung alin pang ahensiya ang maaaring maging katuwang.



Lagdaan ng Memorandum ng KWF, Pamahalaang Lalawigan ng Bataan, Bayan ng Abucay, DepEd-Bataan, NCIP, at komunidad ng Ayta Magbukún

ORYENTASYONG PANGKULTURA. Ang oryentasyong pangkultura ay gawain sa komunidad bago simulan ang ibá pang gawain kaugnay ng programa. Layunin sa pagsasagawa ng oryentasyong pangkultura na buhayin at pasiglahin ang kamalayan (awareness) at cultural sensitivity ng komunidad at ng bawat indibidwal na katuwang sa programa. Mahalagang makasáma sa oryentasyon na ito ang mga pinunò ng komunidad, matatanda at kabataang miyembro ng komunidad, mga magulang o kinatawan ng bawat pamilya, at mga kinatawan ng bawat ahensiyang katuwang. Maaaring gawin ito sa loob ng dalawa hanggang tatlong araw.

Sa panahon ng oryentasyon, kinakailangang magkaroon ng pagpapaliwanag hinggil sa kahulugan ng kultura, relasyon ng katutubo sa lupang ninuno, at pagbabago sa kultura. Sa puntong ito, mas mainam na isaalang-alang ang sariling kaisipan ng komunidad hinggil sa pagpapakahulugan nilá sa kultura. Maaaring magsagawa ng mga workshop hinggil dito upang magkaroon ng pagkakataon ang bawat isa na makapagbahagi ng sariling kaisipan. Sa hulí, bukod sa mga nabanggit, mahalagang matuklasan ng mismong komunidad mula sa mga isasagawang workshop ang estado ng kasiglahan ng kaniláng wika at kultura sa bawat aspekto ng pamumuhay ng komunidad. Ang mga matutuklasan ng komunidad mula sa oryentasyon na ito ang pagsisimulan ng isasagawang pagpapalano.

PAGAPLANO NG KOMUNIDAD. Aabot sa gawaing pagpapalano ang komunidad sapagkat naniniwala ang lahat ng miyembro nitó na mahalagang buhayin at pasiglahin ang kaniláng katutubong wika. Ang tugon sa mga natuklasan o natukoy na estado ng wika at kultura ng komunidad mula sa isinagawang oryentasyong pangkultura ang pangunahing pag-uusapan sa yugtong ito. Anumang layunin ang maitatakda ng buong komunidad, kailangang maisaalang-alang ang sumusunod na konsepto sa pagsasakatuparan ng mga layunin:

- ✓ Ang pagsisikap na buhayin o pasiglahin ang katutubong wika ng isang komunidad ay isang masalimuot at pangmatagalang gawain. Nangangailangan ito ng buong puso at ganap na pakikiisa ng buong komunidad upang matamo ang pagtatagumpay.
- ✓ Bago simulan ang anumang hakbang, mahalagang mapagpasiyahan ng buong komunidad ang dahilan kung bakit kailangan pasiglahin muli ang kaniláng katutubong wika.
- ✓ Mahalagang maisáma sa pagpapalano ang pagtukoy sa magiging gampanin sa programa ng bawat miyembro ng komunidad, batay sa kakayahan ng bawat isa.
- ✓ Maaaring simulan ang pagpapalano sa pagpapahayag ng sariling nararamdaman ng bawat isa, mula sa nakatatanda hanggang sa kabataan, hinggil sa kasalukuyang kalagayan ng kaniláng wika na nása unti-unti nang pagkawala.

Sa pagtatakda ng mga layunin, bawat komunidad ay may magkakaiba at espesipikong target o layuning matamo sa pagpapasigla ng sariling katutubong wika. Tandaan na dapat ay tumutugon ang mga layunin sa kasalukuyang estado ng wika ng komunidad. Ibig sabihin, mas malawak dapat ang ihahandang plano sa pagpapasigla ng katutubong wika at hindi lámang limitado ang tuon sa proseso ng pagtatatag ng programang Bahay-Wika. Maaaring sundan o dagdagan pa ang ilang pangkalahatang layunin sa mga language revitalization program gaya ng nása ibaba:

- ❖ **Maibalik ang pagiging bilingguwal ng komunidad.** Angkop ang layunin na ito sa mga komunidad na may tukóy pang mga tagapasalitâ ng katutubong wika mula sa henerasyon ng matatanda, magulang, at kabataan. Malaki ang posibilidad na maibalik ang pagiging bilingguwal ng mga miyembro ng komunidad sapagkat may mga tagapagsalitâ pa sa bawat henerasyon na maaaring magpása ng kaalaman sa pagsasalitâ ng katutubong wika. Muling binubuhay ang katutubong wika ngunit hindi maaaring isantabi ang pagkatuto at paggamit sa anumang wikang nagiging dominante sa isang komunidad na may nanganganib wika (mapa-Filipino, Tagalog, at ibá pa). Ito ay sapagkat ang mga wikang ito ang magiging daan nilá upang patuloy na makaugnay naman sa ibá.

Mungkahing estratehiya:

- Pagpapanumbalik ng paggamit ng katutubong wika sa loob ng tahanan
- Pagpapanumbalik ng paggamit ng katutubong wika sa loob ng komunidad
- Pagbuo ng mga programang imersiyon sa wika para sa mga batà gaya ng Bahay-Wika na magbibigay eksposyur sa katutubong wika.

- ❖ **Makalikha at Magpaunlad ng mga Kagamitang Pangwika.** Mahalaga sa gawaing pagpapasigla ng wika ang paglikha ng mga babasahín at ibá pang materyales na nakasulat sa katutubong wika. Kasáma dito ang paglikha ng mga kagamitan sa paaralan, mga anunsiyo o ibá pang paskil sa komunidad, at kagamitang panlibangan na nása anyong print, video, at audio, at ibá pa. Sa pamamagitan nitó, mapapataas ang literasi ng bawat miyembro ng komunidad sa katutubong wika. Upang maisakatuparan ito, kailangang maihanda muna ang komunidad at makuha ang interes ng lahat. Makatutulong ang literacy campaign gaya ng sesyon sa pagtuturò ng pagbabasá at pagsusulát sa katutubong wika para sa mga katutubong may tuntunin na sa pagsulat ng kaniláng wika. Maaari din namang simulan sa pagbuo ng ortograpiya kung sakaling wala pa nitó ang komunidad. Sa pagbuo ng programang Bahay-Wika, makatutulong nang malaki ang paglikha ng mga

kuwentong pambatà, flashcards, ibá't ibáng tsart na nakasulat sa katutubong wika.

PAGSASAGAWA NG LANGUAGE PROFILING. Ang Language Profiling ay naglalayong makabuo ng profayl hinggil sa mga wikang sinasalitâ ng mga pangkat sa bansa. Sa isang multilingguwal na bansa tulad ng Pilipinas, bibihira na lang ang Pilipino na iisang wika lámang ang alam o natututuhan. Kung iisa-isahin ang bawat pangkat-etniko sa Pilipinas, makikíta na bagaman may katutubong wika ang bawat pangkat, mayroon din siláng ibá pang wikang ginagamit sa pakikipag-usap sa ibá na hindi kabilang sa kaniláng pangkat. Dahil dito, malaki ang posibilidad na natural na natututo ng dalawang wika ang isang batà nang halos magkasabay, lalo na kung siyá ay lumalaki sa isang tahanan o komunidad na hindi lámang iisang wika ang ginagamit. Ang ganitong proseso ng acquisition ng wika na tinatawag na *simultaneous acquisition*¹⁵ ay itinuturing na isang paraan ng pagiging bilingguwal ng isang indibidwal.

Napakahalagang maláman ang profayl ng mga miyembro ng komunidad sapagkat makatutulong ito nang malaki upang matukoy kung sino-sino sa komunidad ang higit na kinakailangang tutukan sa programang Bahay-Wika at ibá pang programa sa pagpapasigla ng wika. Makikíta sa Apendiks ang Language Profile Form na maaaring gamítin.



Sesyon sa pagbuo ng kurikulum at lingguhang gawain sa Bahay-Wika

PAGBUO NG KURIKULUM AT MATERYALES SA BAHAY-WIKA. Isa sa pinakamahalagang kailangan maihanda sa pagbuo ng programang Bahay-Wika ang kurikulum at mga kagamitan sa pagkatuto. Ang kurikulum at mga materyales ng Bahay-Wika ay marapat na nakabatay sa mga angkop na gawain at tema para sa edad 2–4 taóng gulang at nagtatampok ng mga katutubong karunungan, kaisipan, at kaugalian. Hindi biro ang pagbuo ng mga materyales na ito sapagkat kinakailangang sa simula pa lámang ay kasáma na ang komunidad sa pagbuo nitó. Mas mainam kung may mga miyembro ang komunidad na bihasa o may karanasan sa pagbuo at pagdevelop ng kurikulum, at mga kagamitan sa pagkatuto gaya ng mga guro. Ilan sa mga materyales na nása katutubong wika na pangunahing kailangan ihanda ay ang sumusunod at makikíta rin sa apendiks ang ilang mga halimbawa.

- ✓ Balangkas ng Lingguhang Gawain sa Bahay-Wika
- ✓ Kompilasyon ng mga Gawain
- ✓ Mga salitâng madalas na ginagamit (sight words)
- ✓ Mga pangungusap na madalas na ginagamit
- ✓ Mga flashcard (larawan at pangalan)



Oryentasyon at Pagsasanay sa Workgroup

PAGSASAGAWA NG MGA ORYENTASYON AT PAGSASANAY. Marapat na maisaalang-alang na ang bawat komunidad na magtatayo ng Bahay-Wika ay may iba't ibang kakayahan. Tandaan na hindi lahat ng komunidad ay may kompletong miyembro na gaya ng lisensiyadong guro, eksperto sa Early Childhood Education (ECE), may matatandang miyembro na maalam sa wika at kultura, at mga miyembro na sanáy sa mga administratibong gawain. Kayâ naman, mahalaga ang pagbibigay ng mga oryentasyon at pagsasanay sa mga miyembro ng komunidad na handang makiisa sa programa bagaman hindi sapat ang kakayahan gaya ng mga nabanggit sa unahán.

Para sa mga guro, mahalagang magkaroon ng oryentasyon at pagsasanay sa kung paano ituturò ang katutubong wika. Maaaring pagplanuhan ng mga elder at mga eksperto sa language education ang magiging tuon ng mga oryentasyon at pagsasanay. Bukod dito, mahalaga rin ang pagsasanay hinggil sa Early Childhood Care. Maaari namang makatuwang dito ang mga eksperto sa ECE. Maaari din siláng padaluhin sa iba pang mga seminar at workshop ng iba't ibang institusyon hinggil sa Early Childhood Care at language education, at iba pa para sa kaniláng propesyonal na pag-unlad.

Para naman sa mga magiging katuwang sa Bahay-Wika na maitatalaga sa mga gawaing pang-administratibo, mahalaga na mabigyan silá ng oryentasyon hinggil sa paghahanda, pagsisinop, at pagpoproseso ng mga dokumento. Ang halimbawa ng mga dokumentong dapat ihanda ay ang mga ulat, katitikan ng mga pulong, mga kasunduan o resolusyon, at ibá pa. Gayundin ang pagproseso ng mga gugulin sa Bahay-Wika, likidasyon ng mga nagastos sa Bahay-Wika, at ibá pa. May ibá ring katuwang sa Bahay-Wika na maaaring maitalaga sa pagmamantene ng pisikal na kaayusan at kalinisan ng silid at paghahanda ng pagkain para sa mga batà sa panahon ng mga sesyon sa Bahay-Wika. Kayâ mahalaga ring mabigyan silá ng oryentasyon partikular sa tamang sanitasyon at paghawak ng pagkain.

Isa rin sa pinakamahalagang maibigay na pagsasanay sa bawat isa na maglilingkod sa programa ay ang pagsasanay upang maging bihasa sa katutubong wika. Tandaan na hangga't maaari ay ang katutubong wika lámang ang gagamitin sa Bahay-Wika kayâ mahalaga na ang bawat isa ay marunong gumamit ng katutubong wika. Para dito, maaaring magkaroon ng hiwalay na sesyon ang mga staff na hindi maalam sa katutubong wika para sa mapag-aralan ito. Ito ay maaaring sa anyo ng isang Language Immersion Program din na Master-Apprentice Language Learning Program (MALLP).



*Silid ng Bahay-Wika sa Komunidad ng Ayta Magbukún
sa Bangkal, Abucay, Batàan*

PAGHAHANDA NG LOHISTIKA NG PROGRAMA. Nakatuon ito sa paghahanda sa silid ng Bahay-Wika at pagpopondo sa programa. Kung sakaling may isang silid sa komunidad na maaaring ilaan para sa programa, isasaayos na lang iyon batay sa nais ng komunidad na maging disenyo ng kaniláng Bahay-Wika. Kung sakali namang walang silid, maaaring magpatayo ng bago. Tandaan na hindi kailangang magmukhang paaralan ang Bahay-Wika. Mas mainam ang disenyo na parang isang tipikal na tahanan lámang, at kakikitáhan ng kultura ng pangkat o komunidad. Kayâ mahalaga din na isaalang-alang ang lahat ng uri at anyo ng mga kagamitang ilalagay sa loob ng Bahay-Wika. Tiyakin din ang lahat ng mga kailangang permit para sa lahat ng proseso sa pagpapatayo ng silid ng Bahay-Wika.

Isa sa mahalagang pagtuonan din ng pansin ay ang paghahanap ng pangmatagalang pondo para sa programa. Ang halaga ng kailangan pondo ay nakabatay sa laki at katangian ng inyong programa. Pangunahing pinaglalaanan ng pondo sa programa ay ang onoraryum ng mga elder, guro, at mga katuwang; mga suplay para sa mga kagamitang pampagkatuto; pondo para sa mga regular na pagsasanay ng workgroup; mga utilidad gaya ng tubig, koryente, at gas (opsiyonal para sa pagluluto ng pagkain); at suplay ng pagkain para sa Bahay-Wika.

Hinggil sa pagmumulan ng pondo, dito maaaring makatulong ang iba't ibáng ahensiya ng pamahalaan at iba pang mga institusyon na handang magpondo sa programa. May mga organisasyon din na nagkakaloob ng pondo sa pamamagitan ng grant. Kailangan lámang maihanda ang isang malinaw na panukala para sa pagtatayo ng Bahay-Wika sa isang partikular na komunidad. Sa mga unang taon ng programa, ang komunidad at lahat ng ahensiyang magiging katuwang ay kailangang mapagplanuhan ang hinggil sa pagiging sustenable ng programa, partikular ang pangmatagalang pagkukunan ng pondo.



Sabayang gawain sa Bahay-Wika kasáma ang guro at mga elder

Pagsasagawa ng Sesyon sa Bahay-Wika

Nakatuon ang ikalawang bahagi ng implementasyon sa mismong pagsasagawa ng mga sesyon sa Bahay-Wika. Matagumpay itong masisimulan kapag naisagawa nang mabuti ang mga paghahanda na nása unang bahagi. Ang sesyon sa Bahay-Wika ay karaniwang isinasabay sa pagsisimula din ng klase sa Day Care at elementarya. Sa bawat taon ay sampung buwan ang pagsasagawa ng sesyon sa Bahay-Wika. Limang araw ito sa bawat linggo, at limang oras ang kailangan igugol sa bawat araw. Karaniwang nagsisimula ito sa 9:00 ng umaga hanggang 2:00 ng hapon. Makikíta sa ibaba ang iskedyul ng gawain sa Bahay-Wika sa isang araw.

Iskedyul ng gawain sa Bahay-wika sa isang araw

Oras	Gawain	Tampok na Gawain
9:00-9:20	Pagdating	Pagbati sa mga batàng dumarating
	Malayàng Paglalaro/ Malayàng Gawain	Paglalaro sa manipulatives/laruan; Pagbása sa aklat na may mga larawan; Paggamit ng pansulat at mga pangkulang; Dramatic Play
9:20-9:40	Sabayang Pulong 1: Pagbati (Meeting Time)	Pagbati; Pagkanta at Paggalaw; Pagtalakay sa araw, panahon; Pagbílàng sa mga kaklase
9:40-10:00	Pagkain ng Meryenda	Paghahanda sa Pagkain Pagdarasal Pagkain at Pagliligpit
10:00-10:20	Sabayang Pulong 2 (Meeting Time)	Pagkanta/Pagtula at Paggalaw Paglinang sa Oral na Bokabularyo Pagbigay ng Panuto para sa Gawain 1
10:20-10:40	Gawain 1	
10:40-11:00	Sabayang Pulong 3 (Meeting Time)	Pagkanta/Pagtula at Paggalaw Paghanda sa Paglabas
11:00-11:30	Oras sa Labas ng BW	Paglalaro sa labas ng Bahay-Wika
11:30-11:50	Oras para sa Kuwento	Pagbalik sa kuwento at sa mga bagay rito sa tulong ng mga larawan
11:50-12:00	Sabayang Pulong 4 (Meeting Time) Oral na Gawain	Pagkanta/Pagtula at Paggalaw Paalala/Panuto bago Kumain
12:00-12:30	Tanghalian Pagliligpit	Paghahanda sa Pagkain Pagkapangan-Pahalamat (Dasal tapos Kumain) Pagkain at Pagliligpit
12:30 -12:50	Pahinga	Paghiga/ Pakikinig sa Uya-uy Pagliligpit sa hinigaan
12:50- 1:10	Sabayang Pulong 5 (Meeting Time)	Pagkanta/Pagtula Paglinang ng Bokabularyo
1:10-1: 30	Gawain 2	
1:30-1:50	Sabayang Pulong 6 (Meeting Time) Oral na Gawain	Pagkanta/Pagtula Paglinang ng Bokabularyo
1:50-2:00	Paghanda sa Pag-uwi	Tradisyonal na Kanta (Chant) Paalala/Usu

Monitoring ng Programa

Marapat na isagawa ang monitoring ng kapuwa komunidad at mga ahensiyang katuwang sa implementasyon ng programa. Mahalaga ito upang maitalâ o mairekord ang mga aktuwal na pangyayari at mga karanasan sa programa. Pangunahing inaalam sa monitoring ang bilang ng mga batà na dumadalo sa sesyon sa Bahay-Wika. Itinatanong din sa mga guro at magulang ang dahilan sakaling may mga batàng hindi nakadadalo. Itinatala ang mga dahilan sapagkat magagamit ito sa pagsusuri ng mga salik na nakaapekto sa pagdalo ng mga batà sa Bahay-Wika at upang mapag-aralan din kung paano ito matutugunan. Halimbawa, kung ang karamihan sa dahilan ng mga batà ay pagkakasakit, makakatulong kung makikipag-ugnayan sa Brgy. Health Center upang mailapit ang pagkakasakit ng mga batà sa komunidad. Maaari ding ang dahilan ay isinasâma ng mga magulang ang batà sa paghahanapbuhay partikular sa gasak o taníman. Maaaring maghatid ng mga gawain sa bahay ang guro upang kahit hindi nakakadalo ang batà ay maipagpapatuloy pa rin ang mga gawain para sa Bahay-Wika.


Kasâma rin sa minomonitor ang pagganap ng mga guro at elder sa aktuwal na sesyon. Tinitingnan ang paraan ng kaniláng pakikitungo sa mga batà at sa bawat miyembro ng workgroup na nása sesyon. Gayundin ang paraan nilá ng pagsasagawa ng mga gawain. Lahat ng ito ay inirerekord upang sa panahon ng kabuoang ebalwasyon ng programa ay magagamit ito sa pagsusuri ng mga “best practices” sa programa. Tinitingnan naman sa mga katuwang ang paraan ng kaniláng paghahanda ng pagkain, pangangalaga sa mga kagamitan sa Bahay-Wika, pagpapanatili ng kalinisan, at ibá pa. Ang rekord ng mga monitoring na ito ang magiging batayan din sa uri ng ibibigay na pagsasanay sa workgroup.

Isang anyo rin ng monitoring sa programa ang pagkakaroon ng regular na pulong ng workgroup. Maaaring magsagawa ng pulong na magkasâma ang lahat at maaari din namang may hiwalay na pulong para sa bawat isa. Makatutulong din ito upang maláman at mairekord ang kaniláng mga ideá at saloobin, at matugunan agad sakaling may mga suliranin.

Ebalwasyon ng Programa

Nabanggit na sa bahagi ng komponent ng Bahay-Wika ang kahalagahan ng pagkakaroon ng ebalwasyon ng programa at ang mga gawain na dapat gawan ng ebalwasyon. Bibigyang-diin na lámang sa bahaging ito na hindi ito ang huling bahagi ng implementasyon ng programa. Ang magiging resulta ng ebalwasyon ang magsisilbing batayan para sa pagpapaunlad pa ng programa. Ito rin ang mag-uudyok sa komunidad at sa mga katuwang na ahensiya na ipagpatuloy pa ang programa.

Figura 2: Flow chart ng Implementasyon ng Programang Bahay-Wika



**V | MGA HÁMON AT
TUGON SA PAGBUO
NG PROGRAMANG
BAHAY-WIKA**

Sa pagpapalano ng pagtatayo ng Bahay-Wika, mahalagang maisaalang-alang ang mga kahaharaping hámon sa bawat yugto ng implementasyon. Posibleng hindi lahat ng naipalang gawain at layunin ay matagumpay na maisasagawa at matatamo dahil sa iba't ibang mga salik na makakaapekto sa programa. Huwag itong ipag-alala sapagkat ang mga aktuwal na mangyayari sa panahon ng implementasyon ay ang mismong realidad sa pagtatayo ng programang Bahay-Wika. Ang mga nakahanay sa ibaba ang dalawang pangunahing hámon ang posibleng maranasan sa programang Bahay-Wika.

KOMITMENT NG WORKGROUP SA PROGRAMA. Nabanggit na isa sa mahalagang komponent ng Bahay-Wika ay ang isang workgroup na binubuo ng mga miyembro na may dedikasyon at determinasyon sa pag-abot ng mga layunin ng programa. Ngunit sa realidad, hindi lahat ng nagpahayag ng kanilang komitment sa simula ay mananatili sa programa. May ilan na maaaring makahanap ng mas magandang oportunidad o hanapbuhay sa labas ng komunidad, kayâ maaaring iwanan o ipása niya sa iba ang kaniyang gampanin sa programa. Ang iba naman ay nagkakaroon ng di pagkakaunawaan sa ibang kasapi ng workgroup. Samantala, may mga miyembro naman na hindi ganap na umaalis sa grupo ngunit hindi lubusang nagagawa ang kanilang gampanin dahil sa maaaring may iba siyang priyoridad na gawain. Lahat ng ito ay makakaapekto sa gawain at pag-abot sa layunin ng programa.

Bagaman hindi intensiyonal, maaari pa ring umisip ng alternatibong plano o gawain hinggil dito. Tulad sa mga tuluyang umaalis sa programa, mainam kung sa simula pa lámang ay may mga katuwang na sa bawat gampanin na sinasanay. Kung ililipat naman sa ibang miyembro ang gawain, makatutulong kung naisasagawa ang regular na mga pulong o pag-uusap-usap ng workgroup dahil sa pamamagitan nitó, nagiging pamilyar ang lahat sa gampanin ng bawat isa. Sa katunayan, maiiwasan din ang anumang hindi pagkakaintindihan kung regular na naisasagawa ang mga pulong ng workgroup. Sa tulong din ng regular na mga pulong at mga re-orientasyon, muling maipauunawa sa mga miyembro na may ibang priyoridad ang mga layunin at tunguhin ng programa.

PAGPAPANATILI NG PAGGAMIT NG IISANG WIKA. Isang malaking hámon din sa programang Bahay-Wika ang pagpapanatili ng paggamit

ng iisang wika. Ang hangárin na mapanatili ang iisang wika sa programa ay hindi nangangahulugan na ganap na ipinagbabawal na matutuhan ang ibá pang wika. Sa katunayan, ang unang wika ng mga batà ay hindi na ang katutubong wika. Ibig sabihin natural niláng natutuhan ang ibáng wika, at katulad nitó ang nais ng programa—ang maging natural ang pagkatuto ng mga batà sa kaniláng katutubong wika. Epektibong magagawa ito sa pamamagitan ng imersiyon sa wika na iisang wika lámang ang ginagamit.

Ngunit sa pagsisimula ng programa, hindi ito madalíng gawin. Nariyan ang katotohanan na may mga miyembro ng workgroup na hindi lubusang marunong magsalitâ o umunawa ng katutubong wika, gaya na lámang ng mga magulang ng mga batà. Dahil dito, hindi maiiwasan ng ibáng staff o miyembro ng workgroup na gumamit ng ibáng wika sa loob ng Bahay-Wika upang makaunawa ang ibá na hindi marunong ng katutubong wika. Asahan na normal itong mangyayari dahil sa maaaring hindi nakasanayan ng ibá ang paggamit ng katutubong wika. Tiyakin na hangga't maaari ay maiwasan ito upang hindi rin makasanayan ang paggamit ng ibáng wika sa loob ng Bahay-Wika. Makatutulong ang pagpaskil ng mga tsart ng mga bokabularyong madalas gamítin at mga simpleng pangungusap na madalas ding gamítin sa katutubong wika. Maaaring magpaskil sa ibá't ibáng bahagi ng Bahay-Wika, halimbawa sa pintuan, tsart ng mga bokabularyo at pangungusap sa pagbatì at pamamaalam at sa kusina o lugar kung saan kumakain, tsart ng mga bokabularyo at pangungusap na gámit hábang kumakain. Makatutulong din ang pamamahagi ng simpleng handbook sa lahat ng staff at magulang sa pagsisimula ng programa. Ang handbook ay maaaring naglalaman ng simpleng tuntunin sa programa kasáma rin ang ilang mga bokabularyo na magagamit sa Bahay-Wika, at sa mismong tahanan kapag nakikipag-usap sa kaniláng mga anak.

Hinggil sa paggamit ng katutubong wika sa tahanan, maaaring hikayatin na rin ang lahat ng mga magulang na unti-unting ibalik ang paggamit ng katutubong wika sa kani-kaniláng tahanan kasabay ng pagsisimula ng programang Bahay-Wika. Malaking suporta ito sa pagkatuto ng katutubong wika ng kaniláng mga anak. Gayundin, kung mahihikayat ng mga lider sa komunidad na gamítin ang katutubong wika sa buong komunidad, makatutulong din ito sa tuloy-tuloy na pagkatuto ng katutubong wika ng mga batà.

APENDIKS 1

Pormularyo sa Language Profiling

TALATANUNGAN PARA SA PAGBUO NG PROFAYL NG AYTA MAGBUKÚN

Adaptasyon ng Bilingual Language Profile nina Birdsong, et al. (2014) ang inihandang talatanungan upang matugunan ang mga tanong hinggil sa profayl ng Ayta Magbukún pagdating sa aspekto ng wika. Napakahalagang maláman ang profayl ng mga Ayta Magbukún sapagkat makatutulong ito nang malaki upang matukoy ang mga miyembro ng komunidad na higit na kinakailangang tutukan sa programang Bahay-Wika. Narito ang mga pangunahing tanong na nais matugunan sa gagawing language profiling:

- ilan ang nagsasalitâ ng wikang Ayta Magbukún?
- ilan ang katutubong marunong magsalitâ ng wikang Tagalog?
- ilan ang katutubong natutuhan ang wikang Ayta Magbukún bílang unang wika?
- ilan ang katutubong natutuhan ang Tagalog bílang unang wika?
- ilan ang katutubong bilingguwal (Ayta Magbukún at Tagalog)?

BILINGUAL LANGUAGE PROFILE (BLP)

Ang BLP ay isang instrumentong pangunahing ginagamit para sa ebalwasyon ng *language dominance*. Tumutukoy ang *language dominance* sa kakayahan sa dalawang wika ng isang bilinguwal.¹⁶ Karaniwang ipinagkakamali ang *language dominance* sa *language proficiency* (kahusayan sa wika). Ipinaliwanag ni Birdsong¹⁷ na sakop ng *language dominance* ang pagsukat sa kakayahan sa pagbása, pagsulat, pagsasalitâ, at pag-unawa sa gámit ang dalawang wika, hábang ang *language proficiency* ay tumutukoy naman sa pagsukat sa kaalaman sa aspekto ng ponolohiya, morpolohiya, at sintaksis na maaaring gawin ang pagsukat kahit sa iisang wika lámang. Nabuo naman ang konsepto ng *dominance* mula sa kalikasan ng bilingguwalismo—pagkakaroon ng dalawang wika sa isip ng isang indibidwal.¹⁸ Tumutukoy ang *language dominance* sa wikang higit na ginagamit ng nakararami sa pang-araw-araw na paggawa.¹⁹ Ito ang wikang pinakaaktibong ginagamit at maituturing na wikang awtomatikong ginagamit sa pag-iisip at pagsasalitâ.

Dahil dito, maituturing na angkop ang inihandang talatanungan sa pagbuo ng profayl ng mga Ayta Magbukún dahil sa kasalukuyan halos 50% ng kabuoang bílang nilá ay mga *passive bilingual*.²⁰ Binubuo ng apat na bahagi ng talatanungan na sumusukat sa kung ano ang dominanteng wika lalo na ang pagtugon sa mga nakahanay na mga tanong hinggil sa profayl ng Ayta Magbukún. Ang mga bahaging ito ay ang impormasyong biyograpiko, kasaysayan ng pagkatuto ng wika, paggamit ng wika, kasanayan sa wika, at pananaw hinggil sa wikang ginagamit. Tinatáyang hindi lalagpas ng 10 minuto ang pagsagot sa talatanungan sapagkat sadyang binuo ito na madalíng sagután.

PAGSUSURI SA DATOS

Ang paraang gagamitin sa pagsusuri ng datos ay ang paraang ipinapanukala ng Bilingual Language Profile sa pagsusuri. Ang magiging tugon sa bawat tanong sa BLP ay may katumbas na eskala at tiyak na puntos. Ang mga marka na tatayahin ay ang sumusunod:

- Partikular na marka ng wika para sa bawat modyul
- Global na marka para sa bawat wika
- Composite dominance index

Isasagawa naman ang pagmamarka sa paraang ang magiging tugon sa bawat tanong sa BLP ay may katumbas na eskala at tiyak na puntos. Sa pangkalahatan, ang mataas na bílang ay indikasyon ng pagiging dominante sa isang wika.

Unang hakbang – Marka sa bawat modyul

Sa loob ng bawat modyul, ita-tally nang hiwalay batay sa nakalahad na tuntunin ang kabuoang puntos para sa bawat wika. Dito matutukoy ang marka ng wika sa bawat modyul.

Kasaysayan ng Wika

- ✓ Anim na tanong: ang bawat tanong ay may pagpipiliang mga bílang mula 0 hanggang 20 +
- ✓ Ang bawat aytem ay may katumbas na numerical value ngunit may mga kataliwasan ito:
 - Ang unang dalawang aytem ay mamarkahan nang pabaligtad: Ang “20” na sagot ay katumbas ng 0, ang

“19” na sagot ay katumbas ng 1, at ibá pa

- Ang pariralang sagot na “Mula pa noong ipanganak” at “Matagal na, di ko na maalala” ay may katumbas na 20 puntos
- Ang pariralang sagot na “Hindi pa rin hanggang ngayon” ay may katumbas na 0 puntos

Paggamit ng Wika

- ✓ Ang katumbas na puntos na sagot sa bawat tanong ay tulad ng sumusunod:

0% = 0 puntos	60% = 60 puntos
10% = 10 puntos	70% = 70 puntos
20% = 20 puntos	80% = 80 puntos
30% = 30 puntos	90% = 90 puntos
40% = 40 puntos	100% = 100 puntos
50% = 50 puntos	

Kasanayan sa Paggamit ng Wika

- ✓ Ang katumbas na puntos na bawat sagot sa bawat tanong ay tulad ng sumusunod:

1 = 1 puntos	4 = 4 puntos
2 = 2 puntos	5 = 5 puntos
3 = 3 puntos	6 = 6 puntos

Pananaw sa Ginagamit na Wika

- ✓ Ang katumbas na puntos na sagot sa bawat tanong ay tulad ng sumusunod:

1 = 1 puntos	4 = 4 puntos
2 = 2 puntos	5 = 5 puntos
3 = 3 puntos	6 = 6 puntos

Ikalawang Hakbang – Global Language Scores

Upang matiyak na ang bawat modyul ay makakatanggap ng pantay na bigat ng pagmamarka, i-multiply ang marka ng bawat modyul sa factor ng:

- Kasaysayan ng Wika 0.454
- Paggamit ng Wika 1.09
- Kasanayan sa Paggamit ng Wika 2.27
- Pananaw sa Paggamit ng Wika 2.27

Matapos i-multiply, kunin ang kabuoan ng lahat upang makuha ang global score para sa bawat wika.

Ikatlong Hakbang – Dominance Score

Upang makuha ang language dominance index, i-subtract ang score ng isang wika sa isa upang makuha ang dominance score na nagre-range sa -218 hanggang +218. Ang markang malapit sa “zero” ay indikasyon ng “balanced bilingualism” at ang positibo at negatibong marka ay indikasyon ng respective language dominance.

Ayta Magbukún

<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
1	2	3	4	5	6	7	8	9	10	11	12	13	14	15	16	17	18	19	20+

Tagalog

<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
1	2	3	4	5	6	7	8	9	10	11	12	13	14	15	16	17	18	19	20+

4. Ilang taon ka nang nakatirá sa lugar kung saan ginagamit ang mga sumusunod na wika?

Ayta Magbukún

<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
1	2	3	4	5	6	7	8	9	10	11	12	13	14	15	16	17	18	19	20+

Tagalog

<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
1	2	3	4	5	6	7	8	9	10	11	12	13	14	15	16	17	18	19	20+

5. Ilang taon ka nang nakatirá sa pamilya kung saan ginagamit ang mga sumusunod na wika?

Ayta Magbukún

<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
1	2	3	4	5	6	7	8	9	10	11	12	13	14	15	16	17	18	19	20+

Tagalog

<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
1	2	3	4	5	6	7	8	9	10	11	12	13	14	15	16	17	18	19	20+

6. Ilang taon kang nagtrabaho o ilang taon ka nang nagtatrabaho sa lugar na kung saan ginagamit ang mga sumusunod na wika?

Ayta Magbukún

<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
1	2	3	4	5	6	7	8	9	10	11	12	13	14	15	16	17	18	19	20+

Tagalog

<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
1	2	3	4	5	6	7	8	9	10	11	12	13	14	15	16	17	18	19	20+

III. PAGGAMIT NG WIKA

Sa sumusunod na bahagi, pakisagutan ang sumusunod na katanungan tungkol sa paggamit ng iyong sumusunod na wika sa pamamagitan ng pagtsek sa kahon. Ang kabuoang porsiyento ng lahat ng wika sa bawat tanong ay dapat na eksaktong 100% lámang.

7. Kada linggo, ilang porsiyento ang paggamit mo sa bawat sumusunod na wika kasáma ang iyong mga kaibigan?

Ayta Magbukún

<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
0%	10%	20%	30%	40%	50%	60%	70%	80%	90%	100%

Tagalog

<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
0%	10%	20%	30%	40%	50%	60%	70%	80%	90%	100%

Ibá pang wika

<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
0%	10%	20%	30%	40%	50%	60%	70%	80%	90%	100%

8. Kada linggo, ilang porsiyento ang paggamit mo sa bawat sumusunod na wika kasáma ang iyong mga pamilya?

Ayta Magbukún

<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
0%	10%	20%	30%	40%	50%	60%	70%	80%	90%	100%

Tagalog

<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
0%	10%	20%	30%	40%	50%	60%	70%	80%	90%	100%

Ibá pang wika

<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
0%	10%	20%	30%	40%	50%	60%	70%	80%	90%	100%

9. Kada linggo, ilang porsiyento ang paggamit mo sa bawat sumusunod na wika sa eskuwelahan/trabaho?

Ayta Magbukún

<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
0%	10%	20%	30%	40%	50%	60%	70%	80%	90%	100%

Tagalog

<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
0%	10%	20%	30%	40%	50%	60%	70%	80%	90%	100%

Ibá pang wika

<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
0%	10%	20%	30%	40%	50%	60%	70%	80%	90%	100%

10. Kapag kinakausap mo ang sarli mo, gaano kadalas ang paggamit mo sa mga sumusunod na wika?

Ayta Magbukún



Tagalog



Ibá pang wika



11. Kapag nagbibiláng ka, gaano kadalas ang paggamit mo sa mga sumusunod na wika?

Ayta Magbukún



Tagalog



Ibá pang wika



IV. KASANAYAN SA PAGGAMIT NG WIKA

Sa bahaging ito, susukatin mo ang iyong kasanayan sa paggamit ng mga wikang ginagamit mo sa pamamagitan ng pagsukat nitó gámit ang mga markang 0 hanggang 6. 0 ang walang kasanayan at 6 naman ang sanáy na sanáy. Bilugan ang numerong sang-ayon sa iyong sagot.

Mga Katanungan	Hindi Sanáy	Sanáy na Sanáy
12. Gaano ka kasanáy magsalitâ ng Ayta Magbukún?	0 1 2 3 4 5 6	
12. Gaano ka kasanáy magsalitâ ng Tagalog?	0 1 2 3 4 5 6	
13. Gaano ka kasanáy sa pag-intindi ng Ayta Magbukún?	0 1 2 3 4 5 6	
13. Gaano ka kasanáy sa pag-intindi ng Tagalog?	0 1 2 3 4 5 6	
14. Gaano ka kasanáy sa pagbabasá sa Ayta Magbukún?	0 1 2 3 4 5 6	
14. Gaano ka kasanáy sa pagbabasá sa Tagalog?	0 1 2 3 4 5 6	
15. Gaano ka kasanáy sa pagsusulát sa Ayta Magbukún?	0 1 2 3 4 5 6	
15. Gaano ka kasanáy sa pagsusulát sa Tagalog?	0 1 2 3 4 5 6	

V. PANANAW SA WIKANG GINAGAMIT

Sa bahaging ito, sagutin ang sumusunod na sitwasyon tungkol sa iyong pananaw sa mga wikang iyong ginagamit sa pamamagitan ng pagmarka sa mga ito gámit ang mga bílang 0-6. 0 bílang matinding hindi pag-sang-ayon at 6 ang matinding pag-sang-ayon. Bilugan ang numerong sang-ayon sa iyong sagot.

16. Pakiramdam ko ay kilalang-kilala ko ang sarili ko kapag nagsasalitâ ako ng Ayta Magbukún.

Hindi Sang-ayon				Sang-ayon		
0	1	2	3	4	5	6

16. Pakiramdam ko ay kilalang-kilala ko ang sarili ko kapag nagsasalitâ ako ng Tagalog.

Hindi Sang-ayon				Sang-ayon		
0	1	2	3	4	5	6

17. Ako ay mas nakakaugnay sa kultura, gawi, galaw ng mga nagsasalitâ ng Ayta Magbukún.

Hindi Sang-ayon				Sang-ayon		
0	1	2	3	4	5	6

17. Ako ay mas nakakaugnay sa kultura, gawi, galaw ng mga nagsasalitâ ng Tagalog.

Hindi Sang-ayon				Sang-ayon		
0	1	2	3	4	5	6

18. Mahalaga para sa akin ang paggamit (o ang paggamit sa hinaharap) ng Ayta Magbukún sa paraan na sanáy na sanáy tulad ng aking mga ninuno.

Hindi Sang-ayon				Sang-ayon		
0	1	2	3	4	5	6

18. Mahalaga para sa akin ang paggamit (o ang paggamit sa hinaharap) ng Tagalog tulad ng aking mga kakilalang napakagaling mag-Tagalog.

Hindi Sang-ayon				Sang-ayon		
0	1	2	3	4	5	6

19. Gusto kong isipin ng íbá na, Ayta Magbukún talaga ang unang lengguwahe ko.

Hindi Sang-ayon				Sang-ayon		
0	1	2	3	4	5	6

19. Gusto kong isipin ng íbá na, Tagalog talaga ang unang lengguwahe ko.

Hindi Sang-ayon				Sang-ayon		
0	1	2	3	4	5	6

BILINGUAL LANGUAGE PROFILE (Para sa mga Bata)
BILINGUAL LANGUAGE PROFILE: TAGALOG–AYTA MAGBUKUN

Pangalan:		
Edad:	Kasarian: <input type="checkbox"/> Lalaki <input type="checkbox"/> Babae	Petsa:
Kasalukuyang Tirahan:		
Petsa ng kapanganakan:		Relihiyon:
Unang wikang natutuhan:		
<input type="checkbox"/> Nag-aaral na (specify) _____ <input type="checkbox"/> hindi pa nag-aaral		
Lahi ng Ina:	Lahi ng Ama:	
Pangalan ng Ina:	Pangalan ng Ama:	
Hanapbuhay ng Ina:	Hanapbuhay ng Ama:	
Edad ng Ina:	Edad ng Ama:	
Wika ng Ina:	Wika ng Ama:	
Bilang ng kapatid:	Pang-ilan sa Magkakapatid:	
Ilan sa magkakapatid ang marunong mag-Ayta Magbukun:		
Wikang sinasalita ng bata sa kasalukuyan:		
Wikang ginagamit sa loob ng tahanan:		
<input type="checkbox"/> Ayta Magbukun <input type="checkbox"/> Tagalog <input type="checkbox"/> iba pa _____		
Wikang ginagamit kapag kasama ang mga kaibigan/kalaro:		
<input type="checkbox"/> Ayta Magbukun <input type="checkbox"/> Tagalog <input type="checkbox"/> iba pa _____		
Wikang ginagamit sa paaralan (Kung nag-aaral):		
<input type="checkbox"/> Ayta Magbukun <input type="checkbox"/> Tagalog <input type="checkbox"/> iba pa _____		
Marunong magsalita ng Ayta Magbukun:		
<input type="checkbox"/> Oo, marunong <input type="checkbox"/> Oo, medyo marunong <input type="checkbox"/> Hindi masyadong marunong <input type="checkbox"/> Hindi marunong		
Marunong magsalita ng Tagalog:		
<input type="checkbox"/> Oo, marunong <input type="checkbox"/> Oo, medyo marunong <input type="checkbox"/> Hindi masyadong marunong <input type="checkbox"/> Hindi marunong		
Marunong umunuwa ng salitang Ayta Magbukun:		
<input type="checkbox"/> Oo, marunong <input type="checkbox"/> Oo, medyo marunong <input type="checkbox"/> Hindi masyadong marunong <input type="checkbox"/> Hindi marunong		
Marunong umunuwa ng salitang Tagalog:		
<input type="checkbox"/> Oo, marunong <input type="checkbox"/> Oo, medyo marunong <input type="checkbox"/> Hindi masyadong marunong <input type="checkbox"/> Hindi marunong		

APENDIKS 2

Kurikulum

Kurikulum ng Bahay Wika

Ang Bahay-Wika ay isang Language Immersion Program para sa mga batàng may edad dalawa hanggang apat na taóng gulang. Pangungahing layunin nitó na pasiglahing muli ang katutubong wika na Ayta Magbukún sa Bataan upang maituro at maipása ito sa bagong henerasyon at sa susunod pa. Ito ay sa dahilang nanganganib nang mawala ang wikang ito.

Isasagawa sa Bahay-Wika ang ganap na imersiyon sa Ayta Magbukún sa pamamagitan ng inter-aksiyon ng mga batà sa tagapagsalitâ ng katutubong wika, na kadalasan ay mga elder. Sa ganitong kapaligiran, likás na matutuhan ng mga batà ang wika. Bibigyang diin ang paglinang sa pakikinig at pagpapahayag ng mga batà gámit ang Ayta Magbukún. Kasabay ng pagpapahalaga sa wika sa programang ito ang paglinang sa kultural at personal na pagkakalinlan ng mga batà.

Iginagalang sa programang ito ang dalang kakayahan ng bawat batà at mula rito ay gagabayan siyá na maabot ang optimal na pag-unlad. Bagaman pangunahing layunin nitó ang pagpapaunlad ng pakikinig at pagpapahayag ng mga batà gámit ang Ayta Magbukún, nakapaloob din sa programang ito ang paglinang ng pisikal, sosyo-emosyonal at pangkaisipan na aspekto ng mga batà.

Ang kurikulum ng Bahay-Wika ay halaw sa paglalatag ng mga angkop na gawain at tema para sa edad na dalawa hanggang apat na taon. Tampok sa kurikulum ang pagbuo ng kamalayan sa maraming bagay na bumubuo ng kapaligiran ng batà pagkatapos niyang matuklasan at makilala nang mabuti ang kaniyang sarili.

Napapaloob sa kurikulum ng Bahay-Wika ang sumusunod na mga domain:

1. Pagpapaunlad ng Wika at Pangkaisipan túngo sa Maagang Literasi
 - Pakikinig at Pagpapahayag
 - Pangkaisipan
 - Pagbabasá
 - Pagsusulát

2. Pagpapaunlad Pampisikal, Kalusugan, Kaayusan, at Motor
 - Pagpapaunlad Pampisikal, Kalusugan, Kaayusan
 - Kasanayang Pang-Gross Motor
 - Kasanayang Pang-Fine Motor
3. Pagpapaunlad Pang Sosyal-Emosyonal at Pagpapakatao
 - Kamalayan tungkol sa Sarili at Pagkilala sa Kakayanan
 - Pakikitungo sa Kaedad
 - Pakikitungo sa Nakatatanda
4. Pagpapaunlad sa Pagkamalikhain at Paghanga sa Kagandahan

**KAUGNAY NA PAMANTAYAN AT PALATANDAAN
PARA SA BAHAY-WIKA**

A. DOMAIN: *PAGPAPAUNLAD NG WIKA at PANGKAISIPAN*
túngo SA MAAGANG LITERASI

Palatandaang Kasanayan		
<p>A. DOMAIN: <i>PAGPAPAUNLAD NG WIKA at PANGKAISIPAN túngo SA MAAGANG LITERASI</i></p> <p>SUB-DOMAIN: Pakikinig At Pagpapahayag</p> <p>Edad: Dalawang Taon</p> <p>Pamantayan:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Naipapahayag ang kaisipan batay sa kakayahan bílang pagsisimula ng ugnayan at unawa sa táong nakasalamuha gámit ang wikang Ayta Magbukún. <p>Edad: Tatlo at Apat na Taon</p> <p>Pamantayan:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nagpapamalas ng kamalayan at pagkilala sa ibát ibáng tunog o pattern ng tunog na naririnig sa paligid nang sa gayon ay maunawaan ang mga tunog at mga salitâ sa wikang Ayta Magbukún. • Nagpapamalas ng kakayahang makinig at ipahayag nang maliwanag at may tiwala ang saloobin, damdamin at pangangailangan sa pag-uusap o talakayan gámit ang Ayta Magbukún. 		
Para sa 2 Taon	Para sa 3 taon	Para sa 4 Taon
<ol style="list-style-type: none"> 1. Tumutugon sa mga tunog <ul style="list-style-type: none"> • Ngumingiti o tumatawa sa kaaya-ayang tunog • Umiiyak sa di kaaya-ayang tunog • Pumapalampak o umiindayog kapag nakarinig ng tugtog • Nauulit ang kilos ayon sa udyok ng nakatatanda 2. Napakikíta ang interes sa pag-awit, pag-indak, pagsayaw o ibá pang malikhaing paraan 	<ol style="list-style-type: none"> 1. Nakikilala ang ibát ibáng tunog sa paligid <ul style="list-style-type: none"> • Nagagaya ang tunog ng mga hayop, sasakyan at ibá pang bagay sa bahay • Nakikilala ang narinig na tunog • Natutukoy ang pinagmumulan at direksiyon ng narinig na tunog 2. Nakikilala ang una at hulíng tunog mula sa isang paris ng tunog na narinig 	<ol style="list-style-type: none"> 1. Nakikilala ang ibát ibáng tunog sa paligid <ul style="list-style-type: none"> • Nagagaya ang tunog ng mga hayop, sasakyan at ibá pang bagay sa bahay • Nakikilala ang narinig na tunog • Natutukoy ang pinagmumulan at direksiyon ng narinig na tunog 2. Nakikilala ang una at hulíng tunog mula sa isang pares ng tunog na narinig

<ul style="list-style-type: none"> • Nakakanta/nauulit ang paboritong awitin hábang gumagawa ng aksiyon ukol dito <ol style="list-style-type: none"> 3. Sumusubok gayahin at ulitin ang mga salitâ at pariralang naririnig 4. Nasasabi ang: <ul style="list-style-type: none"> • sariling pangalan • edad • pangalan ng táong kasalamuha araw-araw • laruan • pamilyar na bagay • alagang hayop 5. Nasasabi ang gusto na naiintindihan ng nakatatanda 6. Naipapahayag kung hindi nais ang mga bagay sa paligid 7. Nakikipag-usap sa nakatatanda at tumutugon kung tinatanong gámit ang pangkaraniwang salitâ 8. Nakatutugon at nakasusunod sa simpleng panuto 9. Nagagaya ang naririnig na tunog sa paligid 10. Nakakanta/Nauulit ang bahagi ng awit/nursery rhyme 11. Natutuwa sa gawang tunog 12. Naipakikíta ang pagkilala sa sarili 	<ul style="list-style-type: none"> • Nasasabi ang unang tunog mula sa isang pares ng tunog na narinig • Nasasabi ang hulíng tunog mula sa isang pares ng tunog na narinig <ol style="list-style-type: none"> 3. Naihahambing ang magkapareho at magkaibáng tunog mula sa isang pares ng tunog na narinig <ul style="list-style-type: none"> • Nasasabi/nagagaya ang isang pares ng tunog • Nasasabi kung ang isang pares ng tunog ay magkapareho o magkaibá • Nakikilala at nasasabi kung alin sa tatlong tunog na narinig ang magkapareho o magkaibá • Nakapagsasabi ng 2–3 magkapareho o magkaibáng tunog 4. Nakikilala ang tula o awit na may tugma <ul style="list-style-type: none"> • Nakikinig at nabibigkas ang mga nursery rhymes, tula, at awit pambatà 	<ul style="list-style-type: none"> • Nasasabi ang unang tunog mula sa isang pares ng tunog na narinig • Nasasabi ang hulíng tunog mula sa isang pares ng tunog na narinig <ol style="list-style-type: none"> 3. Naihahambing ang magkapareho at magkaibáng tunog mula sa isang pares ng tunog na narinig <ul style="list-style-type: none"> • Nasasabi/nagagaya ang isang pares ng tunog • Nasasabi kung ang isang pares ng tunog ay magkapareho o magkaibá • Nakikilala at nasasabi kung alin sa tatlong tunog na narinig ang magkapareho o magkaibá • Nakapagsasabi ng 2–3 magkapareho o magkaibáng tunog 4. Nakikilala ang tula o awit na may tugma <ul style="list-style-type: none"> • Nakikinig at nabibigkas ang mga nursery rhymes, tula at awit pambatà
---	--	---

<ul style="list-style-type: none"> • Naituturò/Nauulit/ Nasasabi ang ilang bahagi ng katawan • Naiparamdam/ Nasasabi ang damdamin tulad ng sayá o gálit <p>13. Nasasabi ang panuntunan sa sariling paraan bagaman hindi maaasahang parati itong nasusunod</p>	<p>5. Nakikilala at nauulit ang pattern ng tunog tulad ng pagpalakpak, pagpadyak, atbp.</p> <p>6. Nakikilala ang mga salitang may 1 o 2 pantig</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nakikilala kung ang narinig na salitâ ay may 1 o 2 pantig <p>7. Nasasabi ang bilang ng pantig ng isang salitang narinig (1 at 2 pantig)</p> <ul style="list-style-type: none"> • Napapalakpak ang bilang ng pantig ng salitâ <p>8. Napakikíta ng interes sa pakikinig at pakikibahagi ng karanasan, damdamin at idea tungkol sa narinig na kuwento o impormasyon</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nakababahagi ng personal na kuwento o impormasyon sa simpleng paraan • Nasasabi/nauulit ang ngalan ng mga karaniwang bagay na nakikíta sa paligid • Nakasasagot at nakapagtatanong tungkol sa isang pamilyar na paksa 	<ul style="list-style-type: none"> • Naisasakilos ang binibigkas na nursery rhymes, tula o awit pambatà gamit ang bahagi ng katawan <p>5. Nakikilala at nauulit ang pattern ng tunog tulad ng pagpalakpak, pagpadyak, atbp.</p> <p>6. Nakikilala ang bilang ng pantig sa isang salitâ</p> <ul style="list-style-type: none"> • Napapalakpak ang bilang ng pantig ng salitâ (2–3 pantig na salitâ) <p>7. Nasasabi ang bilang ng pantig ng isang salitang narinig (2–3 pantig)</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nasasabi ang bawat pantig ng salitang narinig • Naibibigay ang bilang ng pantig ng 1 salitâ <p>8. Nakapagpapakíta ng interes sa pakikinig at pakikibahagi ng karanasan, damdamin at idea tungkol sa narinig na kuwento o impormasyon</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nakapagbabahagi ng personal na kuwento o impormasyon sa simpleng paraan
---	--	--

	<ul style="list-style-type: none"> • Nasasabi/nauulit ang mga katagang pagbatì tulad ng Magandang Umaga, Paalam, Salamat, atbp. <p>9. Naipakikíta ang interes sa pakikinig sa ibát ibáng uri ng kuwento</p> <p>10. Naipamamalas ang pag-unawa sa napakinggang kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> • Naaalala at nasasabi /naituturò ang tampok na tauhan sa kuwento • Nasasagot ang simpleng tanong tungkol sa kuwento gámit ang larawan • Nakapagpapahayag ng damdamin at kaisipan tungkols sa kuwentong narining • Nakapagbibigay ng sariling pamagat sa kuwento • Nakapipili ng paboritong kuwento mula sa mga narinig <p>11. Naipahahayag ang kaisipan at damdamin tungkol sa narinig na kuwento sa pamamagitan ng malikhaing paraan tulad ng pagguhit, atbp.</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Nasasabi/nauulit ang ngalan ng mga karaniwang bagay na nakikíta sa paligid • Nakasasagot at nakapagtatanong tungkol sa isang pamilyar na paksa • Nasasabi/nauulit ang mga katagang pagbatì tulad ng Magandang Umaga, Paalam, Salamat, atbp. <p>9. Naipakikíta ang interes sa pakikinig sa ibát ibáng uri ng kuwento</p> <p>10. Naipamamalas ang pag-unawa sa napakinggang kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> • Naaalala at nasasabi /naituturò ang tampok na tauhan sa kuwento • Nasasagot ang simpleng tanong tungkol sa kuwento gámit ang larawan • Nakapipili ng paboritong kuwento mula sa mga narinig <p>11. Naipahahayag ang kaisipan at damdamin tungkol sa narinig na kuwento sa pamamagitan ng malikhaing paraan tulad ng pagguhit, atbp.</p>
--	--	---

Palatandaang Kasanayan		
<p>A. DOMAIN: <i>PAGPAPAUNLAD NG WIKA at PANGKAISIPAN tungo SA MAAGANG LITERASI</i></p> <p>SUB-DOMAIN: <i>Pangkaisipan</i></p> <p>Edad: Dalawang Taon</p> <p>Pamantayan:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Naipahahayag ang kaisipan batay sa kakayahan bílang pagsisimula ng pakikipag-ugnayan at pang-unawa sa táong kaniyang nakakasalamuha <p>Edad: Tatlo at Apat na Taon</p> <p>Pamantayan:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Naipakikita ang kakayahan sa pang-unawa sa mga konsepto at lohikal na mga relasyon nitó at siyasatin ang mga ito upang makabuo ng kongklusyon o bagong idea 		
Para sa 2 Taon	Para sa 3 taon	Para sa 4 Taon
<ol style="list-style-type: none"> 1. Nakapagpapanggap na mga kaibigan ang mga hayop, laruan, manika, at hayop; maaaring pangalanan ang mga ito 2. Napagsasáma-sáma at naisasalansan ang mga bagay-bagay ayon sa kulay, hugis, at gámit nitó. Hal. sapatos at medyas 3. Nakikilala at natutukoy ang kulay at hugis, pangalan at bílang ng mula isa hanggang tatlong bagay 	<ol style="list-style-type: none"> 1. Naipamamalas ang atensiyon at pagkontrol sa sarili kaugnay ng mga gawain na angkop sa edad <ul style="list-style-type: none"> • Maayos na nakatitingin ng aklat na may larawan sa loob ng 5 minuto • Nakapakikinig nang mabuti sa kuwento mula sa aklat na may larawan sa loob ng 5 minuto • Napapanatili ang atensiyon sa isang gawain sa loob ng 10 minuto • Nagagawa ang takdang gawain na may minimal na tulong 	<ol style="list-style-type: none"> 1. Naipamamalas ang atensiyon at pagkontrol sa sarili kaugnay ng mga gawain na angkop sa edad <ul style="list-style-type: none"> • Napapanatili ang atensiyon sa isang gawain sa loob ng 15–20 minuto • Nagagawa ang takdang gawain na may minimal na tulong 2. Naipamamalas ang umuunlad na kamalayan tungkol sa mga konsepto ng object constancy, espasyo, oras, dami, at nagagamit ang kaalaman tungkol dito para maunawaan kung paano naaayos ang mga bagay-bagay sa kaniyang paligid

	<p>2. Naipamamalas ang umuunlad na kamalayan tungkol sa mga konsepto ng object constancy, espasyo, oras, dami, at nagagamit ang kaalaman tungkol dito para maunawaan kung paano naayos ang mga bagay-bagay sa kaniyang paligid</p> <ul style="list-style-type: none"> • Natutukoy ang pagkakaipareho o pagkakaiba ng mga bagay • Naipapangkat ang mga bagay ayon sa isang katangian/kategoriya • Nasasabi ang posisyon ng isang bagay • Natutukoy ang kanan at kaliwa • Nakabibilang ng 1 hanggang sampu <p>3. Naipakikita ang kamalayan ng simpleng sanhi at bunga</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nauunawaan ang mga dahilan sa mga tuntunin at gawain sa silid-aralan • Nauunawaan ang mga dahilan sa mga simpleng tuntunin at gawain sa komunidad tulad ng paglilinis at pag-aalaga ng kapaligiran 	<ul style="list-style-type: none"> • Natutukoy ang pagkakaipareho o pagkakaiba ng mga bagay • Natutukoy ang kaibahan ng umaga, tanghali at gabi • Naipamamalas ang simpleng pagdaragdag (addition) gamit ang konkretong mga bagay • Naipamamalas ang simpleng pagbabawas (subtraction) gamit ang konkretong mga bagay <p>3. Naipakikita ang kamalayan ng simpleng sanhi at bunga</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nauunawaan ang mga dahilan sa mga tuntunin at gawain sa silid-aralan • Nauunawaan ang mga dahilan sa mga simpleng tuntunin at gawain sa komunidad tulad ng paglilinis at pag-aalaga ng kapaligiran <p>4. Naipakikita ang kakayahang sundan ang lohika ng mga pangyayari at bumuo ng tamang kongklusyon base sa mga nakikitang impormasyon</p>
--	--	---

	<p>4. Naipakikita ang kakayahang sundan ang lohika ng mga pangyayari at bumuo ng tamang konklusyon base sa mga nakikitang impormasyon</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nasasabi ang hindi tama sa mga larawang hindi kapani-paniwala • Nasasabi ang karanasan kung papaano ito nangyari • Napahahalagahan ang nakakatawang kuwento o biro na kinagigiliwan ng mga batang kaedad niya • Nalalaman na may mga bagay na magkapareho at maaaring pagpalitin • Nasasabi ang magkabaligtad na ugnayan • Nasasabi ang dahilan kung bakit gusto/hindi niya gusto ang isang bagay • Nakabubuo ng simpleng pattern (larawan, hugis) nang mag-isa <p>5. Naisasagawa ang simple at pamilyar na gawain</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Nasasabi ang hindi tama sa mga larawang hindi kapani-paniwala • Nasasabi ang karanasan kung papaano ito nangyari • Napahahalagahan ang nakakatawang kuwento o biro na kinagigiliwan ng mga batang kaedad niya • Nalalaman na may mga bagay na magkapareho at maaaring pagpalitin • Nasasabi ang magkabaligtad na ugnayan • Nasasabi ang dahilan kung bakit gusto/hindi niya gusto ang isang bagay • Nakabubuo ng simpleng pattern (larawan, hugis) nang mag-isa • Nasasabi ang maaaring susunod na mangyari sa isang kuwento • Nasasabi ang maaaring maging wakas ng isang kuwento kahit hanggang gitna pa lamang ang naririnig <p>5. Naisasagawa ang simple at pamilyar na gawain</p>
--	--	--

	<ul style="list-style-type: none"> • Nakapagbibihis na may takdang pagkakasunod-sunod na gawain • Nakapaliligo na may takdang pagkakasunod-sunod na gawain <p>6. Nakabubuo ng bagong idea o nakapag-uugnay ng mga idea at konsepto</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nakagagawa ng biro • Nakabubuo ng galaw sa sayaw • Nakabubuo ng linya ng awit gámit ang pamilyar na tunog • Nakapagpapanggap na tauhan sa ginawang kuwento <p>7. Naipakikíta ang kakayahang baguhin ang estratehiya upang makaangkop sa hindi inaasahang pangyayari sa kaniyang paligid pati na rin sa harap ng simpleng problema</p> <ul style="list-style-type: none"> • Naiibá ang aksiyon base sa karanasan (pag-ibá sa ayos ng blocks/laruan dahil tumumba ito) • Nakapag-iisip ng posibleng solusyon sa isang suliranin 	<ul style="list-style-type: none"> • Nakapagpaplano kung paano isasagawa ang isang bagay nang mag-isa <p>6. Nakabubuo ng bagong idea o nakapag-uugnay ng mga idea at konsepto</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nakagagawa ng biro • Nakabubuo ng galaw sa sayaw • Nakabubuo ng linya ng awit gámit ang pamilyar na tunog • Nakapagpapanggap na tauhan sa ginawang kuwento • Nakaguguhit ng mga bagay na maaaring hindi makatotohanan (fantasy, imaginary) <p>7. Naipakikíta ang kakayahang baguhin ang estratehiya upang makaangkop sa hindi inaasahang pangyayari sa kaniyang paligid pati na rin sa harap ng simpleng problema</p> <ul style="list-style-type: none"> • Naiibá ang aksiyon base sa karanasan (pag-ibá sa ayos ng blocks/laruan dahil tumumba ito) • Nakapag-iisip ng posibleng solusyon sa isang suliranin
--	---	--

	<ul style="list-style-type: none"> • Nalalaman kapag naiibá na ang paksa na pinag-uusapan at umaayon dito <p>8. Naipakikíta ang kakayahang tandaan ang sinabing impormasyon</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nauulit nang tama ang pangungusap na may 5 hanggang 7 salitâ. • Naisasaulo ang simple at maikling awit o tugma • Nasasabi ang mga detalye ng kuwentong narinig • Nakabibilang hanggang sampu 	<ul style="list-style-type: none"> • Nalalaman kapag naiibá na ang paksa na pinag-uusapan at umaayon dito <p>8. Naipakikíta ang kakayahang tandaan ang sinabing impormasyon</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nauulit nang tama ang pangungusap na may 5 hanggang 7 salitâ. • Naisasaulo ang simple at maikling awit o tugma • Nasasabi ang mga detalye ng kuwentong narinig • Nasasabi ang mga araw sa isang linggo • Nasasabi ang ilang buwan sa isang taon • Nakabibilang hanggang dalawampu
--	--	---

<p>A. DOMAIN: <i>PAGPAPAUNLAD NG WIKA at PANGKAISIPAN tungo SA MAAGANG LITERASI</i></p> <p>SUB-DOMAIN: <i>Pagbabasá</i></p> <p>Edad: Dalawang Taon</p> <p>Pamantayan:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Naipamamalas ang nagsisimulang interes sa aklat <p>Edad: Tatlo at Apat na Taon</p> <p>Pamantayan:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Naipakikita ang interes sa pagkatuto ng koneksiyon ng: <ol style="list-style-type: none"> (1) binibigkas na salitâ at nakasulat na teksto at (2) sarili sa mga pangyayari sa nakasulat sa teksto sa pamamagitan ng samot-saring ibinahaging karanasan. 		
Para sa 2 Taon	Para sa 3 taon	Para sa 4 Taon
<ol style="list-style-type: none"> 1. Natutuwang tumingin sa mga aklat nag-iisa man o may kasáma 2. Naipamamalas ang interes sa mga nakasulat at nagpapanggap na nagbabasá ng larawang nása aklat 3. Nagsisimulang iugnay sa paglalaro ang mga nakikita sa aklat 	<ol style="list-style-type: none"> 1. Nagpapakita ng interes at nag-uusisa tungkol sa nakasulat na bagay 2. Nagpapakita ng interes sa sari-saring larawan na nakikita sa iba't ibang uri ng aklat pambatà <ul style="list-style-type: none"> • Nakikinig sa kuwentong may larawan • Natutukoy ang larawan sa aklat • Nakasasali sa talakayan tungkol sa mga larawan sa mga aklat • Nakapagsusunod-sunod ng 2–3 larawan para makabuo ng kuwento 	<ol style="list-style-type: none"> 1. Naipamamalas ang interes at galak sa pagbabasá ng mga aklat pambatà <ul style="list-style-type: none"> • Nakikinig sa binabásang aklat pambatà • Nakikinig sa kuwento mula sa mga larawan sa aklat pambatà • Nailalarawan ang mga bagay na nakikita sa aklat • Nakasasali sa talakayan tungkol sa narinig na kuwento o kuwentong may mga larawan 2. Naipamamalas ng umuunlad na pag-unawa sa kuwentong narinig <ul style="list-style-type: none"> • Nasasabi ang mga tauhan sa kuwento

	<ol style="list-style-type: none"> 3. Natutukoy ang koneksiyon ng sarili sa mga larawan sa aklat (ng tao, bagay, o pangyayari) 4. Nakikilala ang nakasulat na pangalan 5. Nakikilala ang ilang letra 	<ul style="list-style-type: none"> • Nasasabi ang pinag-uusapan sa kuwento • Nakapagsusunod-sunod ng 3–5 larawan upang mabuo ang kuwento • Nasasabi sa sariling salitâ ang mga naganap sa kuwento • Nakapagbibigay ng sariling pamagat sa kuwento <ol style="list-style-type: none"> 3. Naipamamalas ang interes sa pagbabasâ na makikita sa pagpili ng aklat mula sa nakikitang babasahin 4. Natutukoy ang koneksiyon ng sarili sa mga larawan sa aklat (ng tao, bagay, o pangyayari) 5. Nakikilala ang nakasulat na pangalan at nasasabi ang tunog ng mga letra 6. Nakikilala ang pangalan at tunog ng letra sa alpabeto
--	---	--

<p>A. DOMAIN: <i>PAGPAPAUNLAD NG WIKA at PANGKAISIPAN tungo SA MAAGANG LITERASI</i></p> <p>SUB-DOMAIN: <i>Pagsusulat</i></p> <p>Edad: Dalawang Taon</p> <p>Pamantayan:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Naipahahayag ang kaisipan batay sa kakayahan bílang pagsisimula ng ugnayan at unawa sa táong kaniyang nakakasalamuha <p>Edad: Tatlo at Apat na Taon</p> <p>Pamantayan:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Naipamamalas ang kamalayan sa pagtukoy ng panulat at mga gámit na angkop sa edad na gagamitin sa pag-eksperimento sa malikhaing pagpapahayag o representasyon ng mga idea at kuwento 		
Para sa 2 Taon	Para sa 3 taon	Para sa 4 Taon
<p>1. Nakahahawak at nakagagamit ng malalaking panulat</p>	<p>1. Nakagagamit ng angkop na panulat para sa edad tulad ng malalaking lapis, pangkulay, atbp.</p> <p>2. Nag-eksperimento ng maaaring gawin gámit ang panulat</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nakagagamit ng lapis at panulat sa pagbabakat o pagkukulay • Nakagagamit ng papel at lapis sa pagguhit mula sa pattern • Nakagagamit ng papel, lapis o pangkulay sa pagguhit ng iba't ibang linya at mga hugis <p>3. Patuloy na nag-eensayo ng kontrol sa paggamit ng panulat na angkop sa edad</p>	<p>1. Naipamamalas ang lumalawig na interes sa paggamit ng papel at iba't ibang panulat sa indibidwal o pangkatang gawain</p> <ul style="list-style-type: none"> • Naipamamalas ang kakayahan sa pagbabakat • Naipamamalas ang kakayahan sa pagguhit mula sa pattern • Naipamamalas ang kakayahan sa pagguhit ng iba't ibang linya at mga hugis gámit ang piniling panulat <p>2. Naipamamalas ang umuunlad na kontrol sa paghawak ng iba't ibang panulat</p>

	<ul style="list-style-type: none"> • Natutukoy ang hangganan (boundary) ng bagay na ginuhit • Naipapakita ang pang-unawa na ang linya ang hangganan kapag nagkukulay ng isang bagay • Napagdudugtong-dugtong ang mga tuldok (dots) sa larawan na may kamalayan na ang mga tuldok ang hangganan <p>4. Naipapamalas ng umuunlad na koordinasyon ng mata at kamay pati na rin ang direksiyon mula kaliwa papunta sa kanan</p> <ul style="list-style-type: none"> • Naipakikita ang direksiyon na kaliwa papuntang kanan sa galaw ng mata, paglalakad, pagtakbo o galaw ng kamay • Nakaguguhit ng linya sa hangin mula kaliwa papuntang kanan at mula taas pababa <p>5. Naipapamalas ng umuunlad na koordinasyon ng mata at kamay sa pag-eksperimento gamit ang lapis, pangkulay, brotsa, at iba pang panulat</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Natutukoy at napapansin ang hangganan (boundary) na mga linya sa pagbabakat, pagkukulay at iba pang gawaing pasulát • Nakaguguhit ng mga linya at mga hugis na napapaloob sa takdang hangganan <p>3. Naipapamalas ng umuunlad na koordinasyon ng mata at kamay pati na rin ang direksiyon mula kaliwa papunta sa kanan</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nakasusulat nang may koordinasyon ang galaw ng mata, ulo, at kamay • Natutukoy at naibibigay ang tunog ng sariling pangalan mula kaliwa papuntang kanan • Nababakat ang mga letra ng pangalan • Nagtatangkang isulat ang pangalan na hindi ito binabakat • Naipapamalas sa galaw ng mata, paglalakad, pagtakbo o galaw ng kamay
--	--	---

	<p>6. Naipamamalas ang nagsisimulang gawi sa pag-upo ng tama, wastong paghawak ng panulat at tamang posisyon ng papel kapag nagsusulat</p> <p>7. Nakokopya ang pangalan at mga letra</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Nakaguguhit ng linya sa hangin mula kaliwa papuntang kanan at mula taas pababa <p>4. Natutukoy na ang pagsusulat ay isang paraan ng pagpapahayag at pakikipag-ugnayan</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nauunawaan na ang papel at iba't ibang panulat ay ginagamit sa pagpapahayag • Nakaguguhit/nakapagkukulay/nakasusulat para magpahayag ng idea • Nakaguguhit/nakapagkukulay/nakasusulat at nailalarawan ito • Nakaguguhit/nakapagkukulay/nakasusulat ng bagay na nagpapakita ng kaniyang interes o kuwento <p>5. Naipakikita ang tamang postura, posisyon ng papel, at wastong paghawak ng iba't ibang uri ng panulat</p> <p>6. Naisusulat ang pangalan at malalaki at maliliit na letra</p>
--	--	---

<p>B. DOMAIN: <i>PAGPAPAUNLAD PAMPISIKAL, KALUSUGAN, KAAAYUSAN AT MOTOR</i></p> <p>SUB-DOMAIN: <i>Pangkalusugan, Pangkaligtasan, at Pag-alaga sa Sarili</i></p> <p>Edad: Dalawang Taon</p> <p>Pamantayan:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nakakikilos nang naayon sa kapaligiran, nakakikilos ayon sa kung ano ang maginhawa at angkop sa kakayahan at maayos na naisasagawa ang mga kasanayang natutunan <p>Edad: Tatlo at Apat na Taon</p> <p>Pamantayan:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Naipamamalas ang kamalayan at pagtugon sa pamantayan ukol sa gawing pangkalusugan at pangkaligtasan pati na rin ang paggawa ng mga kasanayang pansarili (self-help) upang matugunan ang iba't ibang gawaing pampisikal 		
Para sa 2 Taon	Para sa 3 taon	Para sa 4 Taon
<ol style="list-style-type: none"> 1. Sinusubukang gumamit ng kutsara at tinidor kahit may tumatapon 2. Nagsisikap magbihis nang may tulong sa ibá 3. Nagsisimulang magsabi kung kinakailangang pumunta sa palikuran 4. Patuloy na nakagagaya sa simpleng awit at mga laro gámit ang mga daliri 5. Nakapagsisipilyo ng ngipin at naghuhugas ng kamay mag-isa 6. Nakapagliligpit ng laruan matapos gamítin ito 	<ol style="list-style-type: none"> 1. Nakikilala ang kagamitan para sa pagpapanatili ng pansariling kalinisan tulad ng sipilyo, tuwalya, atbp. 2. Nagpapamalas ng karaniwang pangkalusugan na gawain at pag-aalaga sa sarili tulad ng paghuhugas ng kamay, pagsisipilyo, pagkain nang mag-isa, pagsusuklay, pagbibihis, paliligo, pagsusuot ng tsinelas o sapatos, atbp. 3. Nagpapahayag ng pangangailangan sa paggamit ng palikuran 4. Nakagagamit ng panyo o tuwalya para takpan ang ilong/bibig kapag humahatsing o uubo 	<ol style="list-style-type: none"> 1. Nakapagsasanay ng pag-aalaga sa mga bagay para sa pagpapanatili ng pansariling kalinisan tulad ng paglalagay ng damit sa kabinet, paglalagay ng tsinelas/ sapatos sa tamang lugar, pagliligpit ng hinigaan pagkabangon, atbp. 2. Nagpapamalas ng umuunlad na mga kasanayang pansarili (self-help) nang walang tulong tulad ng paghuhugas ng kamay, pagsusuklay, paliligo, pagsisipilyo, pagbibihis, pagsasapatos, atbp. 3. Nakikilala ang pangangailangan at tamang oras sa paggamit ng palikuran nang walang tulong

	<ol style="list-style-type: none"> 5. Nakasusunod sa simpleng panuto sa paglalaro at sa paggawa ng simpleng ehersisyo 6. Nasasabi at naisasagawa ang pagkain ng masustansiyang pagkain tulad ng gulay at prutas 7. Nakahihingi ng permiso kapag aalis ng bahay o silid sa paaralan 	<ol style="list-style-type: none"> 4. Naisasagawa ang ugaling paggamit ng panyo pagpunas ng pawis, o para takpan ang ilong/bibig kapag humahatsing o uubo 5. Nagpapamalas ng umuunlad na pagsisimula ng isang akmang laro 6. Naisasagawa ang ugaling pagkain ng masustansiyang pagkain tulad ng gulay at prutas 7. Nakahihingi ng permiso kapag aalis ng bahay o silid sa paaralan 8. Malayang nakapipili ng pamilyar na nakatatanda para makasáma
--	---	---

<p>B. DOMAIN: <i>PAGPAPAUNLAD PAMPISIKAL, KALUSUGAN, KAAAYUSAN, AT MOTOR</i></p> <p>SUB-DOMAIN: <i>Kasanayang Pang-Gross Motor</i></p> <p>Edad: Dalawang Taon</p> <p>Pamantayan:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nagsisimulang kumilos nang may balance at koordinasyon na naayon sa edad <p>Edad: Tatlo at Apat na Taon</p> <p>Pamantayan:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Naipamamalas ang paggawa ng mga kasanayang pang-gross motor at pagtugon sa iba't ibang gawaing pampisikal 		
Para sa 2 Taon	Para sa 3 taon	Para sa 4 Taon
<ol style="list-style-type: none"> 1. Nakatatalon gámit ang isang paa 2. Nakapaghahagis ng bola sa kalaro kahit saang direksiyon 3. Napatatalbog ang at nasasalo ang bola 4. Nakapaglalakad na kumakampay ang braso 5. Nakalalakad nang tuwid 6. Nakalalakad ng maikling distansiya nang nakatingkayad 7. Nakatatakbo nang may kakayahang huminto agad kung kinakailangan 8. Nakatatalon nang may balanse gámit ang nagpapalítang mga paa 	<ol style="list-style-type: none"> 1. Naipamamalas ang balanse at koordinasyon ng katawan hábang naglalakad paharap o patalikod na may pantay na espasyo 2. Nagagamit ang nagpapalítang kaliwa o kanan na binti/paa sa pagkandirit (hopping) na may akmang balanse at koordinasyon 3. Naisasagawa ang tama at akmang bilis sa pagtakbo at pagliko 4. Naisasagawa ang koordinasyon ng kamay, katawan at paa sa pag-akyat at pagbaba sa hagdan na may hawakán 5. Naipamamalas ang koordinasyon ng malalaking kalamnan sa paghagis ng bola at pagtama sa target 	<ol style="list-style-type: none"> 1. Naipamamalas ang paharap at patalikod na paghakbang na may pantay na espasyo 2. Naisasagawa ang bagong pisikal na gawain na kaugnay ng malalaking kalamnan tulad ng patuloy na pagtalon patalikod mula isa hanggang anim na ulit 3. Naisasagawa nang may koordinasyon ang tama at akmang bilis sa pagtakbo at pagliko at malumanay na paghinto kapag binigyan ng signal 4. Naisasagawa nang may pag-iingat at koordinasyon ng katawan ang pag-akyat at pagbaba ng hagdan na may hawakán

	<ol style="list-style-type: none"> 6. Naisasagawa ang mga gawaing may kaugnayan sa malalakíng kalamnan tulad ng paglakad, pagtakbo o pagtalon 7. Nakagagamit ng ibá't ibáng uri ng gámit sa palaruan (tulad ng padulasan, iswing, seesaw) nang may tulong at gabay 8. Naipamamalas ang koordinasyon ng malalakíng kalamnan sa mga gawain sa pangkat tulad ng pagsayaw sa tugtog 	<ol style="list-style-type: none"> 5. Naipamamalas ang balanse at koordinasyon ng malalakíng kalamnan sa paghagis at pagsalo ng bola mula sa kahit saang direksiyon pati na ang pagtama sa target 6. Naipamamalas ang balanse at koordinasyon ng malalakíng kalamnan sa pagganap ng pattern ng paggalaw na may ritmo tulad ng pag-indayog ng pangkat sa simpleng sayaw hábang may tugtog 7. Nagpapamalas ng malayàng pagsisimula ng pampangkat na laro kasáma ang 3 hanggang 5 batà 8. Nakagagamit ng ibá-ibá at akmang uri ng gámit sa palaruan na may pag-iingat hábang sinusunod ang nakatatanda
--	--	---

<p>B. DOMAIN: <i>PAGPAPAUNLAD PAMPISIKAL, KALUSUGAN, KAAAYUSAN, AT MOTOR</i></p> <p>SUB-DOMAIN: <i>Kasanayang Pang-Fine Motor</i></p> <p>Edad: Dalawang Taon</p> <p>Pamantayan:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nagsisimulang ipamalas ang nagsisimulang paggamit ng kasanayang pang-fine motor na naayon sa edad <p>Edad: Tatlo at Apat na Taon</p> <p>Pamantayan:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Naipamamalas ang paggawa ng mga kasanayang pang-fine motor at pagtugon sa iba't ibang gawaing pampisikal 		
Para sa 2 Taon	Para sa 3 taon	Para sa 4 Taon
<ol style="list-style-type: none"> 1. Nakapagsasalansan ng lima hanggang sampung blocks/ laruan 2. Nakaguguhit ng linya 3. Nagsisimulang humawak ng komportable ng lapis, krayola, at iba pang panulat gamit ang kanan o kaliwang kamay 	<ol style="list-style-type: none"> 1. Naipamamalas ng koordinasyon ng maliliit na kalamnan sa simpleng gawain tulad ng pagpupunit ng papel, pagtitiklop, paglalamukos, pagdidikit, atbp. 2. Nagagamit ang maliliit na kalamnan at koordinasyon ng mata at kamay sa mga gawain tulad ng pagbabakas, pagpapasok ng sintas sa mga butas, pagdudugtong ng bilang/letra 3. Naipamamalas ng koordinasyon ng maliliit na kalamnan sa gawaing gamit ang manipulatives (o iba pang gamit tulad ng luwad, tubig) mag-isa man o kabilang sa isang pangkat 	<ol style="list-style-type: none"> 1. Naipamamalas ang koordinasyon ng maliliit na kalamnan sa pagtatali ng sapatos nang may bahagyang tulong 2. Naipamamalas ang koordinasyon ng maliliit na kalamnan sa tamang pagtatali at pagkakalas ng lubid at tali 3. Naipamamalas ang koordinasyon ng mata at kamay sa mga gawain tulad ng pagbabakas, paguguhit, pagkukulay, at paggugupit ng pangunahing linya at hugis gamit ang akmang gamit tulad ng lapis, pangkulay, at gunting

	<ol style="list-style-type: none"> 4. Naisasagawa ang gawain gámit ang maliit na kalamnan, mag-isa man o kabílang ng isang pangkat, para maipahayag ang sarili sa pamamagitan ng pagkulay, pagpinta, pagbuo gámit ang blocks 5. Naipamamalas ang umuunlad na kakayahan ng maliliit na kalamnan at koordinasyon ng mata at kamay <ul style="list-style-type: none"> • Nakaguguhit ng linya na diretso at nakakurba • Nakukulayan ang iginuhit na larawan ng bagay, hugis, hayop, atbp. • Nababakas ang linya para makabuo ng hugis 6. Nagagamit nang tama ang gámit pansulat tulad ng lapis at pangkulay 7. Naipamamalas ang kakayahan ng maliliit na kalamnan at koordinasyon ng mata at kamay sa pauna at tamang paggamit ng kutsara at tinidor 8. Naipamamalas ang tamang pagpapakain sa sarili 	<ol style="list-style-type: none"> 4. Nakagamit ng mga bagay na pansulat, pangguhit, at panggupit na may tamang pag-iingat 5. Naipamamalas ang pag-unlad sa kakayahan ng maliliit na kalamnan at koordinasyon ng mata at kamay sa pagguhit na hindi nagbabakas at pagkulay at paggupit na ayon sa takdang hangganan 6. Naipamamalas ang kakayahan ng maliliit na kalamnan para sa pagpapahayag ng sarili at sosyal na inter-aksiyon gámit ang mga bagay tulad ng luwad, buhangin, atbp. 7. Naipamamalas ang pag-unlad sa koordinasyon ng mata at kamay sa mga bagong gawain tulad ng pagsalin ng tubig sa baso mula sa pitsel, larong gámit ang mga daliri, atbp. 8. Naisasagawa ang patuloy na paggamit ng kakayahan ng maliliit na kalamnan at koordinasyon ng mata at kamay sa pagpapanatili ng pansariling kalinisan bago, hábang at pagkatapos kumain
--	--	---

<p>C. DOMAIN: <i>PAGPAUNLAD PANG- SOSYAL-EMOSYONAL AT PAGPAPAKATAO</i></p> <p>SUB-DOMAIN: <i>Kamalayan tungkol sa Sarili at Pagkilala sa Kakayanan</i></p> <p>Edad: Dalawang Taon</p> <p>Pamantayan:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Naipamamalas ang pagsubok sa sariling kakayaha para patunayan ang kaniyang kakayahan at patatagin ang tiwala sa sarili <p>Edad: Tatlo at Apat na Taon</p> <p>Pamantayan:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Naipamamalas ang kamalayan tungkol sa sarili at sariling kakayanan kasáma na rin ang tiwala sa sariling pagpapahayag ng damdamin para makabuo ng positibong pakikipag-ugnayan sa ibá 		
Para sa 2 Taon	Para sa 3 taon	Para sa 4 Taon
<ol style="list-style-type: none"> 1. Nagsisimulang maunawaan ang sariling damdamin tulad ng sayá, tákot, atbp. 2. Nagsisimulang magpakíta ng pakikiramay, interes sa ibáng batà na malungkot/nasaktan 3. Nasasabi ang panuntunan sa sariling paraan bagaman hindi maaasahang parati itong nasusunod 4. Nasasabi at naipagmamalaki ang mga bagay na nagagawa tulad pagpapakain sa sarili, pagsisipilyo, paliligo, pagpipili ng damit, at pagbibihis 	<ol style="list-style-type: none"> 1. Nakikilala ang sarili at nasasabi ang pangalan 2. Nailalarawan ang ibá sa pamamagitan ng pagsabi ng kaniláng pangalan, edad, at ibáng katangian tulad ng kulay ng buhok, atbp. 3. Nasasabi at naipapahayag nang may tiwala ang káyang gawin at natatanggap ang hindi káyang gawin 4. Nakikilala at malayàng naipahahayag ang damdamin tulad ng kasiyahan, kalungkutan, tákot, gálit, atbp. 5. Naipapakíta ang kakayahang maglaro nang mag-isa sa loob ng 10 hanggang 20 minuto 	<ol style="list-style-type: none"> 1. Nailalarawan sa ibá ang sariling katangian, interes, o ugali gámit ang positibong pamamahayag tulad ng: “Ako ay . . .”; “Káya kong . . .”, atbp. 2. Naipapahayag nang may tiwala ang mga nais gawin/hindi nais gawin 3. Naipamamalas ang pagkamalikhain at interes sa paghanap ng ibáng posibleng solusyon sa simpleng problema 4. May tiwala at malayàng naipahahayag ang sariling idea at damdamin tungkol sa paksang tinatalakay o pangkatang gawain

<p>5. Naipakikita ang kasiyahan sa pang-araw-araw na gawain tulad ng pakikinig sa kuwento bago matulog, pagkuha ng paboritong unan/kumot bago magpahinga, atbp.</p> <p>6. Nakapagpapakita ng tiwala sa sarili</p>	<p>6. Naipapakita ang kakayahang maging tapat</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nasasabi ang nahanap na bagay • Naibabalik sa mayari ang hiniram na bagay • Naitatago ang pansariling gamit lámang • Nasusunod ang simpleng tuntunin sa laro <p>7. Naipapakita ang paggalang sa sarili</p> <ul style="list-style-type: none"> • Naipapahayag nang may pagmamalaki ang tungkol sa sarili na hindi nagmamayabang • Naipamamalas ang tamang ugali sa publiko <p>8. Nagagampanan ang simpleng responsibilidad nang lubusan</p> <ul style="list-style-type: none"> • Natatapos ang inatas na simpleng gawain • Napangangalagaan ang sariling kagamitan • Napangangalagaan ang kagamitan ng iba • Nakasusunod sa mga gawain nang may bahagyang paalala 	<p>5. Naipamamalas ang interes at willingness sa paggawa ng bago o mapanghamong gawain</p> <p>6. Nasasabi ang sariling damdamin at may pagmamalaking naipapahayag ang mga nagawa</p> <p>7. Nagagampanan ang simpleng responsibilidad nang lubusan</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nagagawa ang gawain sa silid-aralan • Nagagawa at natatapos ang inatas na gawain nang mag-isa <p>8. Naipakikita ang paggalang at pagmamahal sa Pilipinas</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nasasabi at nalalaman na siyá ay Filipino • Naaawit ang Lupang Hinirang nang may galang
---	---	--

	<p>9. Napahahalagahan, iginagalang at minamahal ang mga nilikha ng Diyos</p> <ul style="list-style-type: none"> • Naipakikita ang pag-aalaga sa mga halaman at mga hayop • Nakatutulong sa pag-aalaga ng mga halaman at alagang hayop sa bahay • Naitatapon ang mga basura sa tamang lugar • Nakapupunta sa lugar ng pagsamba • Naipakikita ang tamang asal sa lugar ng pagsamba • Nagkapagpapasalamat sa pagpapala ng Diyos at nakahihingi ng tawad sa Diyos sa ginawang hindi tama <p>10. Naipakikita ang simpleng kaalaman at pagmamahal sa komunidad</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nasasabi ang pamilyar na landmark sa komunidad • Nasasabi ang kahit isang positibong bagay tungkol sa kaniyang komunidad <p>11. Naipakikita ang paggalang at pagmamahal sa Pilipinas</p>	
--	--	--

	<ul style="list-style-type: none">• Nauunawaan at nakapagpapahayag sa sariling wika• Nakikilala ang watawat ng Pilipinas• Naipakikita ang pagmamahal sa bayan sa pag-awit ng Lupang Hinirang na may pagmamalaki	
--	---	--

<p>C. DOMAIN: <i>PAGPAUNLAD PANG- SOSYAL-EMOSYONAL AT PAGPAPAKATAO</i></p> <p>SUB-DOMAIN: <i>Pakikitungo sa Kaedad</i></p> <p>Edad: Dalawang Taon</p> <p>Pamantayan:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Naipamamalas ang kakayahan na simulang kilalanin ang kaedad <p>Edad: Tatlo at Apat na Taon</p> <p>Pamantayan:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Naipamamalas ang kakayanan na makitungo sa kaedad para makabuo ng positibong pakikipag-ugnayan • Nakikilala at nagsisimulang ipakíta ang paggalang sa damdamin at simpleng karapatan ng ibá pati na rin ang pag-aangkop ng kaniláng pagpapahayag at gawi 		
Para sa 2 Taon	Para sa 3 taon	Para sa 4 Taon
<ol style="list-style-type: none"> 1. Madalas na nakapaglalaro na may patnubay ng tagapag-alaga; mapag-angkin; may kakulangan sa pag-unawa ng sariling ikinikilos 2. Nagsisimulang mapanatag na makipaglaro sa ibá hábang sinusubaybayan ng tagapag-alaga 	<ol style="list-style-type: none"> 1. Naipakikíta ang paggalang sa pangangailangan at simpleng karapatan ng kaedad <ul style="list-style-type: none"> • Nakikinig kapag may nagsasalitâ • Nauunawaan at naipakikíta ang konsepto ng pagpapalit-palit sa paggamit ng mga bagay tulad ng isang laruan • Pinahihintulutan ang ibáng may kapansanan na sumali sa gawain • Nakatutulong sa ibá sa mahirap na gawain • Nakahihingi ng pahintulot kapag nanghihiram ng gámit ng ibá 	<ol style="list-style-type: none"> 1. Naipakikíta ang paggalang, pakikiramay, at pagmamalasakit sa ibá <ul style="list-style-type: none"> • Naibabalik ang hiniram • Naitatago ang mga bagay na pag-aari at hindi ang sa ibá • Naipakikíta ang pagsang-ayon at pakikiisa tulad ng pagtapik sa balikat, pagpalakpak, atbp. • Nakikinig sa at nakakausap ang kasámang malungkot o inis • Pinahihintulutan ang ibáng may kapansanan na sumali sa gawain • Nakatutulong sa ibá sa mahirap na gawain

	<ul style="list-style-type: none"> • Naipakikíta ang paggalang sa pangangailangan ng ibá tulad ng pagpapalit-palit sa paggamit ng isang bagay <p>2. Nakikisalamuha sa ibá sa pangkatang gawain</p> <ul style="list-style-type: none"> • Naibabahagi ang idea at karanasan sa ibá • Nakasasali sa pangkatang gawain o talakayan • Natatanggap ang inatas na tungkulin sa pangkatang gawain o sa loob ng silid • Namumunò o nakasusunod sa pangkatang gawain, panuto, o tuntunin <p>3. Naipakikíta ang tiwala sa sarili sa pagsali sa pangkatang gawain tulad ng pakikinig sa kuwento, atbp.</p> <p>4. Naipakikíta ang umuunlad na pagpigil sa galaw at pagkontrol sa katawan</p> <ul style="list-style-type: none"> • Napipigilan ang paggalaw na ayon sa pinahintulutang lugar/espasyo nang hindi nakasasakit sa sarili at ibá 	<ul style="list-style-type: none"> • Nakahihingi ng pahintulot kapag nanghihiram ng gámit ng ibá • Naipakikíta ang paggalang sa pangangailangan ng ibá tulad ng pagpapalit-palit sa paggamit ng isang bagay <p>2. Napananatili ang positibong pakikitungo sa ibá</p> <p>3. Nakikisalamuha sa ibá sa pangkatang gawain</p> <ul style="list-style-type: none"> • Napasasali ang ibá sa laro • Nakapagtrabaho at nakapaglalaro nang maayos kasáma ang ibá • Naiiwasan ang pananakot at pang-iinis sa ibá • Naipahahayag ang damdamin sa angkop na pananalita at gawi • Naibabahagi ang idea at karanasan sa ibá • Nakapaglalaro sa isa o dalawang kaedad nang maayos • Natatanggap ang inatas na tungkulin sa pangkatang gawain o sa loob ng silid
--	--	--

	<ul style="list-style-type: none"> • Nakalilipat sa lugar sa paligid nang may galang sa nakapaligid • May galang na natatanggap ang pagkakamali • Naipahahayag ang gálit o pagkabigo na hindi nakasasakit ng ibá <p>5. Nakikisalamuha sa kaedad nang may pang-unawa</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nakapagbabahagi ng pagkain sa batàng wala nitó • Nakapagpapahiram ng laruan o bagay sa ibá • Nababati o natatawag ang ibá sa kaniláng pangalan • Natutunan gamitin ang magalang na pananalita tulad ng <i>Salamat</i>, <i>Paumanhin</i>, atbp. 	<ul style="list-style-type: none"> • Namumunò o nakasusunod sa pangkatang gawain, panuto, o tuntunin <p>4. Naipakikíta ang umuunlad na pagpigil sa galaw at pagkontrol sa katawan</p> <ul style="list-style-type: none"> • Napipigilan ang paggalaw na ayon sa pinahintulutang lugar/espasyo nang hindi nakasasakit sa sarili at ibá • Nakalilipat sa lugar sa paligid nang may galang sa nakapaligid • May galang na natatanggap ang pagkakamali • Naipahahayag ang gálit o pagkabigo na hindi nakasasakit ng ibá • Naipakikíta ang tuwa na may pagpapakumbaba kapag nanalo sa isang laro <p>5. Nasisimulan ang inatas na gawain sa pamamagitan ng pagsunod sa pangkatang tuntunin o panuto</p>
--	--	--

<p>D. DOMAIN: <i>PAGPAUNLAD PANG- SOSYAL-EMOSYONAL AT PAGPAPAKATAO</i></p> <p>SUB-DOMAIN: <i>Pakikitungo sa Nakatatanda</i></p> <p>Edad: Dalawang Taon</p> <p>Pamantayan:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Naipamamalas ang simulang kakayahan na kilalanin ang pamilyar na nakatatanda <p>Edad: Tatlo at Apat na Taon</p> <p>Pamantayan:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nakikilala at naipakikíta ang paggalang sa damdamin at simpleng karapatan ng ibá pati na rin ang pag-aangkop ng kaniláng pagpapahayag at gawi • Naipakikíta ang paggalang sa pakikisalamuha sa ibá at pagpapanatili ng positibong pakikipag-ugnayan sa pamilyar na nakatatanda 		
Para sa 2 Taon	Para sa 3 taon	Para sa 4 Taon
<p>1. Patuloy na nagmamasid at nag-iingat kapag may hindi kakilala sa paligid</p>	<p>1. Nakikilala ang pamilyar at dapat pagkatiwalaang nakatatanda</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nasasabi ang ngalan nilá at ang relasyon sa kanilá • Nakikilala ang tampok na katangian o gawi nilá <p>2. Nasasabi ang ngalan ng mga magulang at tagapag-alaga pati na rin ang pamilyar na nakatatanda at ang mga karanasan kasáma ang mga ito</p> <p>3. Nakapagpapahayag ng pagmamalasakit</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nakasusunod kapag inutusan • Nakatutulong sa simpleng gawain 	<p>1. Naipakikíta ang paghingi ng tulong para sa mahirap na gawain mula sa kilálang nakatatanda</p> <p>2. Magalang na naipahahayag ang damdamin at kaisipan kapag hiniling ng nakatatanda</p> <p>3. Nakapagpapahayag ng pagmamalasakit</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nakasusunod kapag inutusan • Nakatutulong sa simpleng gawain • Nakapagsasabi ng simpleng pagmamalasakit tulad ng <i>Pahinga muna</i>, atbp. • Nakagagamit ng pananalitang nagpapakíta ng paggalang sa nakatatanda

	<ul style="list-style-type: none"> • Nakapagsasabi ng simpleng pagmamalasakit tulad ng Pahinga muna, atbp. • Nakagagamit ng pananalitang nagpapakita ng paggalang sa nakatatanda <p>4. Nakikilala ang mga palatandaan ng pagpapahayag ng damdamin ng nakatatanda at nakatutugon sa angkop na paraan tulad ng tanda kapag ang magulang o nakatatanda ay galít, malungkot, masayá</p>	<p>4. Nakikilala ang mga palatandaan ng pagpapahayag ng damdamin ng nakatatanda at nakatutugon sa angkop na paraan tulad ng tanda kapag ang magulang o nakatatanda ay galít, malungkot, masayá</p>
--	---	--

<p>E. DOMAIN: <i>PAGPAUNLAD SA PAGKAMALIKHAIN AT PAGHANGA SA KAGANDAHAN</i></p> <p>Edad: Dalawang Taon</p> <p>Pamantayan:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Naipahahayag ang kaisipan, interes, at damdamin sa pamamagitan ng malikhaing pag-iisip at pamamaraan gaya ng musika at galaw, sayaw at sining biswal at drama <p>Edad: Tatlo at Apat na Taon</p> <p>Pamantayan:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nakikilala at naipakikíta ang paggalang sa damdamin at simpleng karapatan ng ibá pati na rin ang pag-aangkop ng kaniláng pagpapahayag at gawi • Naipakikíta ang paggalang sa pakikisalamuha sa ibá at pagpapanatili ng positibong pakikipag-ugnayan sa pamilyar na nakatatanda 		
Para sa 2 Taon	Para sa 3 taon	Para sa 4 Taon
<ol style="list-style-type: none"> 1. Tumutugon sa tunog 2. Madalíng nakatutugon sa nadirinig na tunog sa pamamagitan ng pagngiti at pagtawa sa magandang tunog, pag-iyak sa di magandang tunog 3. Pumapalakpak, nagpapatalbog-talbog at nagsisimulang sumayaw kapag nakadinig ng tugtog 4. Sumusubok sa paglikha ng ibá't ibáng tunog gámit ang bagay na natatagpuan sa paligid 5. Gumagamit ng ibá't ibáng gámit sa pagguhit 	<ol style="list-style-type: none"> 1. Sinisiyasat ang paligid gámit ang senses 2. Naipamamalas ang kamalayan at pagpapahalaga sa kapaligiran 3. Ipinahahayag ang damdamin at idea tungkol sa sarili at tingin niya sa paligid sa pamamagitan ng musika, sayaw o ibá pang malikhaing paraan 4. Napahahalagahan na may ibáng paraan ang ibáng tao sa paggawa ng isang bagay 	<ol style="list-style-type: none"> 1. Sinisiyasat ang paligid gámit ang senses 2. Nagpapamalas ng kamalayan at pagkamangha sa kapaligiran 3. Ipinahahayag ang damdamin at idea tungkol sa sarili at tingin niya sa paligid sa pamamagitan ng musika, sayaw o ibá pang malikhaing paraan <ul style="list-style-type: none"> • Gumagamit ng mga bagay at instrument para makagawa ng tunog o simpleng ritmo

		<ul style="list-style-type: none">• Sinusubukan ang mga gámit pansining at nakalilikha ng ibáng paraan sa paggamit nitó <p>4. Napahalagahan na may ibáng paraan ang ibáng tao sa paggawa ng isang bagay</p>
--	--	---

APENDIKS 3

Halimbawa ng Lesson Plan

Oras	Gawain	Tampok na Gawain	Gawain ng Guro	Materyales
9:00–9:20	Pagdating	Pagbati sa mga batang dumarating	Batiin ang mga bata	
	Malayang Paglalaro/ Malayang Gawain	Paglalaro sa manipulatives/laruan: Pagbasa sa aklat na may mga larawan; Paggamit ng pansulat at mga pangkulang; Dramatic play	Ilagay sa mesa ang mga laruan at ilabas ang mga libro. Ipaligpit sa mga bata pagtapos gamitin	
9:20–9:40	Sabayang Pulong 1: Pagbati (Meeting Time)	Pagbati; Pagkanta at Paggalaw; Pagtalakay sa araw, panahon; Pagbilang sa mga kaklase	Pagdarasal, Attendance Pagkanta (Aypara, Pitong Araw), Pagtukoy sa Panahon, Pagtukoy sa araw	
9:40–10:00	Pagkain ng Meryenda	Paghahanda sa Pagkain Pagdarasal Pagkain at Pagliligpit		
10:00–10:20	Sabayang Pulong 2 (Meeting Time)	Pagkanta/Pagtula at Paggalaw Paglinang sa Oral na Bokabularyo Pagbigay ng Panuto para sa Gawain 1	Pagkanta “tungkol sa paglilinis” Maikling kuwento tungkol sa paglilinis sa bahay (libro)	
10:20–10:40	Gawain 1		Pagtukoy sa mga kagamitan sa paglilinis sa bahay	-Walis tingting (brown)
10:40–11:00	Sabayang Pulong 3 (Meeting Time)	Pagkanta/Pagtula at Paggalaw <i>Paghanda sa Paglabas</i>	Pagkukulay sa mga gamit na panlinis Pagdedemo sa paraan ng paggamit ng mga panlinis	-Tambo (brown at dilaw) -Basahan (red) -Dust pan (itim)
11:00–11:30	Oras sa Labas ng BW	Paglalaro sa labas ng Bahay-Wika	Paglilinis sa paligid ng Bahay-Wika - May magwawalis ng mga kalat na dahon - May magdidilig ng halaman - May nagpupulot ng mga kalat na papel at plastik	

11:30–11:50	Oras para sa Kuwento	Pagbalik sa kuwento at sa mga bagay rito sa tulong ng mga larawan	Pagkukuwento ng mga bata kung ano ang ginawa nila sa labas	
11:50–12:00	Sabayang Pulong 4 (Meeting Time) Oral na Gawain	Pagkanta/Pagtula at Paggalaw Paalala/Panuto bago Kumain	Pagkanta, kahit ano	
12:00–12:40	Tanghalian Pagliligpit	Paghahanda sa Pagkain Pagkapangan-Pahalamat (Dasal tapos Kumain) Pagkain at Pagliligpit	Ituro pa rin ang paglilinis - Pagpupunas ng mesa	
12:40–12:50	Pahinga	Paghiga/Pakikinig sa Uyuuy Pagliligpit sa hinigaan		
12:50–1:10	Sabayang Pulong 5 (Meeting Time)	Pagkanta/Pagtula Paglinang ng Bokabularyo	Activity: Paglilis sa loob ng Bahay-Wika	30 tibik, 30 stick
1:10–1:30	Gawain 2			
1:30–1:50	Sabayang Pulong 6 (Meeting Time) Oral na Gawain	Pagkanta/Pagtula Paglinang ng Bokabularyo	Balik-tanaw sa mga naisagawa sa buong araw	
1:50–2:00	Paghanda sa Pag-uwi	Tradisyonal na Kanta Paalala/Usu (Chant)	Dasal Pagkanta ng “Ako ay uuwi na at bukas ay babalik”	
2:00	Paalam			

APENDIKS 4

Mga Salitâng Madalas na Ginagamit (Sight Words)

Mga salitâng madalas ginagamit (sight words)

Filipino	Ayta Magbukún
Panghalip	
Akó	Haku
Ikaw	hika
Silá	Hila
Táyo	Kítamu
Kami	Hikay
Nitó	Hatí
Iyon	Hatáw
Mga Pagbati	
Kumusta	Aypara
Maayos naman/Okay naman	Yaraw matan
Magandang araw	Yarawa awlu
Magandang umaga	Yarawa ratu
Magandang tanghali	Yarawa udto
Magandang gabi	Yarawa yabi
Damdamin	
Masayá	Mahaya
Malungkot	Malungkot
Tákot	Ligang
Gálit	Puut
Panahon	
Maaraw	Maawlu
Maulan	Maabagat
Maulap/makulimlim	Malulam

Direksiyon	
Ilalim	Lalu
Ibabaw	Halibabu
Loob	Luub
Kilos	
Itaas	Itag-ay
Ilagay	Ikayti
Lakad	Lakal
Hinto/tigil	Tunggun
Upô	Mitnul/miknul
Tayô	Mirung
Pumalakpak	Mamalakpak
Ituro	Itudyo
Ipakita	Ipaikit
Iparinig	Ipalungoy
Lása	
Matamis	Matam-i
Maasim	Maahum
Matabang	Matab-ang
Mga araw sa isang linggo	
Lunes	Luni
Martes	Malti
Miyerkoles	Maykuli
Huwebes	Huwibi
Biyernes	Biyarni
Sabado	Habaru
Linggo	Himba

Mga Bilang	
Isa	Mayha
Dalawa	Dalwa
Tatlo	Tatlu
Apat	Apat
Lima	Lima
Anim	Anum
Pitó	Pito
Walo	Walo
Siyam	Hiyam
Sampu	Hampu
Ibá pa	
Bakit	Bakin
Saan	Haay
Ano	Hinu
Tao	Tawu
Sarili	Harili
Hayop	Ayup
Pagkain	Makan/Mangakan
Pangalan	Ngalan
Oo	Awu
Hindi	Ikin/ikun

APENDIKS 5

**Mga Pangungusap
na Madalas na Ginagamit**

Mga pangungusap madalas na ginagamit

Filipino	Ayta Magbukún
Paggising sa umaga	Pag puuw ha ratu
Gising ka na ba?	Puu kayna?
Kumusta ang tulog mo?	Aypara ti tuluy mu?
Nakatulog ka ba nang maayos?	Nakatuluy ka nauy ung yaraw?
Ano ang napanaginipan mo?	Hinu ti nataynup mu?
Gising na!	Puuy na!
Isuot mo ang sapatos mo	Ihuut mu ti hapatus mu
Bangon na!	Bnagun na!
Hubarin natin ang pantulog mo	Hubarun ta ti pantuluy mu
Tumayo ka	Mirung ka
Itaas ang kamay	Itag-ay ti ayma
Isuot na natin ang damit mo	Ihuut tay na ti lamit mu
Isuot na natin ang shorts mo	Ihuut tay na ti halwal mu
Hugasan na natin ang mukha mo	Uyahan tay na ti muka mu
Malinis na ang mukha mo	Makini yana ti muka mu
Gusto mo ba ng agahan?	Ibug muynang mag almuhah?
Kumain ka nang maayos	Mangan kang yaraw
Nasaan ang suklay	Haay ti huklay
Suklayin mo ang buhok mo	Huklayin mu ti labuk mu
Magsipilyo ka ng ngipin	Maghipilyu kang nipun
Maganda ka na	Magara kay na
Pagpapakain sa batà	Pagpakan ha baku
Gusto mo ba ng pagkain?	Ibug mu nauy ti makan?
Gutm ka na ba?	Lunu ka na nauy?
Heto na, kain na	Atsuuy na/ Yuu na mangan yana
Kain na	Mangan na/ Mangyam aw na
Nabusog ka ba?	Nabuhuy ka nauy?
Gusto mo pa?	Ibug mu mut?


Panuto	Panutu
Halika dito	Hina kayti
Umupo	Mitnul
Tumayo	Mirung
Tumingin dito	Mamalay kayti
Makinig dito	Makilunguy kayti
Dalhin mo ito kay tatay	Kagutun mu ti kay bapa
Gawin mo ito	Gaw-un mu ti
Hinggil sa bahagi ng katawan	
Nasaan ang tainga mo?	Haay ti tuuk mu?
Nasaan ang ilong mo?	Haay ti balungu mu?
Nasaan ka?	Into haay ka?
Ano ito?	Hinu ti?
Ito ang ilong	Hati ti balungu
Ito ang bibig	Hati ti bubuy
Ilan ang daliri mo?	Umnu ti daliri mu?
Mayroon kang sampung daliri	Main kang hampung daliri
Ilan ang paa mo?	Umnu ti paa mu?
Pumikit ka	Pikit ka

APENDIKS 6

**Mga Flashcard
(larawan at pangalan)**



Haging




Mai




Babuy dyikut



Kulukuluk




awlu



dawun



utan



yaham




Amak




yawu




lubay



ayma



mahaya



malungkot



bubayi



laki

Mga Talâ

- ¹ Krauss, Michael, “The world’s languages in crisis,” *Language*, vol 68 (1992), mp. 4–10.
- ² Coxon, Eve. et. al., *Literature Review on Pacific Island Issues: Final Report*. (Wellington, New Zealand; Ministry of Education, 2002). Naakses sa https://www.educationcounts.govt.nz/_data/assets/pdf_file/0005/7664/pacific-ed.pdf
- ³ Warner, Sam L. No’Eau. “The movement to revitalize Hawai’ian language and culture.” *The green book of language revitalization in practice*, mga ed. Leanne Hinton at Ken Hale (San Diego: Academic Press. 2001), mp. 133–146.
- ⁴ Te Rito, J.S. “Struggles for the Maori language: He whawhai mo te reo Maori. *MAI Review*. (2008). Naakses sa <http://www.review.mai.ac.nz/mrindex/MR/article/view/164/169.html>
- ⁵ Fleras, Augie. et. al. “Redefining the politics over Aboriginal language renewal: Maori Language preschool as agents of social change. *The Canadian Journal of Native Studies*, VII. (1987), mp. 1–40. Naakses sa https://pdfs.semanticscholar.org/17f5/fa5f8715bd570a523ddd0df4d2045a038d3.pdf?_ga=2.23840442.1201212285.1592819572-908860923.1592491803
- ⁶ Hoover, Michael L. at ang Kanien’kehaka Raotitiohkwa Cultural Center. “The revival of the Mohawk language in Kahnawà:ke.” *Canadian Journal of Native Studies*, (1992), mp. 269–287.
- ⁷ Pearson, Barbara Z., et.al. “The relation of input factors to lexical learning by bilingual infants,” *Applied Psycholinguistics* (1997), mp. 41–58.
- ⁸ O’Grady, William. “The Linguistics of Language Revitalization: Problems of Acquisition and Attrition,” *Oxford Handbook of Endangered Languages*, mga editor Kenneth Rehg at Lyle Campbell (Oxford: Oxford University Press, 2017).
- ⁹ Hirsh-Pasek, Kathy at Roberta Michnick Golinkoff. “How babies talk: Six principles of early language development,” *Revisioning the beginning: Developmental and Health Science Contributions to Infant/Toddler Programs for Children and Families Living in Poverty*, mga editor Odom, S., Pungello, E. at Gardner-Neblett, N., (New York: Guilford Press. 2012), mp. 77–101.
- ¹⁰ Biemiller, A., at Boote C. “An effective method for building meaning vocabulary in primary grades,” *Journal of Educational Psychology* vol 98 (2006), mp. 44–62.
- ¹¹ Hendriks, Petra at Koster, Charlotte. “Production/comprehension asymmetries in language acquisition,” *Lingua* vol 120 isyu 8, (2010) mp. 1887–1897.
- ¹² Swain, Merrill, et.al. “Early French immersion later on,” *Journal of Multilingual and Multicultural Development*, 2, (1981), mp. 1–23.
- ¹³ Kilalâ ang kasabihan na ito bílang “African” o “West African proverb” ngunit walang

reperensiya na nagpapatunay na nagmula ito sa mga komunidad sa West Africa. Gayunman, isang American na nobelista ang nabanggit sa isang isyu ng *Essence* magazine noong Hulyo 1981 na nagsabi ng “I don’t think one parent can raise a child. I don’t think two parents can raise a child. You really need the whole village.”

- ¹⁴ O’Grady, William. *op.cit.*
- ¹⁵ Paradis, Johanne, et.al., *Dual Language development and disorders: A handbook on bilingualism and second language learning 2nd ed.* (Baltimore, USA: Brookes, 2011).
- ¹⁶ Treffers-Daller, Jeanine. “Operationalizing and Measuring Language Dominance. *International Journal of Bilingualism*, (2011). 2011. https://www.researchgate.net/publication/254098758_Operationalizing_and_measuring_language_dominance
- ¹⁷ Birdsong, David, et al. “Assessing Language Dominance with the Bilingual Language Profile.” *Measuring L2 Proficiency: Perspectives from SLA*, (Bristol: Multilingual Matters, 2014), *mp.* 208–225.
- ¹⁸ Grosjean, Francois. “Studying Bilinguals: Methodological and Conceptual Issues.” *Bilingualism: Language and Cognition 1* (Cambridge University Press, 1998), *mp.* 131–149.
- ¹⁹ Harris, Catherine L., et al. “When is a First Language More Emotional? Psychological Evidence from Bilingual Speakers.” *Bilingual Minds: Emotional Experience, Expression, and Representation*, (Clevedon: Multilingual Matters, 2006).
- ²⁰ Mula sa manuskrito ng dokumentasyon ng wika at kultura ng Ayta Magbukún na isinagawa ng Komisyon sa Wikang Filipino noong 2015.

